# Genré

The Central Student Publication of
Wesleyan University-Philippines

Volume XXVIII
Issue No. 2


# SA SELDA ANG TAHANAN NG PASISTA

EDITORYAL | 07

*Ang pagharap ni Duterte sa ICC ay hindi paghihiganti. Ito ay pagsisimula ng pagharap sa katotohanan at hustisya— ang pagbibigay boses sa mga hindi nabigyan ng pagkakataong magsalita.*


**BALITA | 02**
P100-B flood control scandal, nagliyab sa pagkondena: Wesleyanians nakiisa sa libo-libong nagrally sa Luneta

**OPINYON | 08**
Nasaan si Gov…UMALIs?

**LATHALAIN | 12**
Isang Libo, Isang Linggo

**DEBKOM | 16**
Basura ng Karamihan,
Bundok ng Kabuhayan

**LITERARI | 20**
Panaghoy ng Hiningang Nalalagot

**ISPORTS | 22**
Baluti ng Karangalan




Volume XXVIII
Issue No. 2

# P100-B flood control scandal, nagliyab sa pagkondena; Wesleyanians nakiisa sa libo-libong nagrally sa Luneta

Ulat nina Neil Castañeda & Ashee Herdellayne

**Humigit-kumulang P100 bilyon ng pondo ng Department of Public Works and Highways (DPWH) para sa flood control ang nasayang sa mga "ghost projects," iniwan ang libu-libong pamilya sa panganib ng pagbaha, ayon sa ulat ng Department of Finance (DOF) nitong Setyembre 2, 2025.**

**Pagputok ng Eskandalo**

Matatandaang pumutok ang isyu ng flood control project scandal nang bigyang-diin ito ni President Ferdinand 'BongBong' Marcos (PBBM) Jr. sa kaniyang State of the Nation Address (SONA) 2025, na nakapaloob ang diumano'y pagkawala ng tinatayang P118 bilyon ng pondo ng gobyerno.

Dahilan upang maging sentro ng kontrobersiya ang alegasyon ng paboritismo sa mga kontratista, mambabatas, at opisyal na humawak ng flood control projects ng gobyerno sa nagdaang tatlong taon.

**Pagbukas ng Imbestigasyon**

Sinimulan ni PBBM noong Hulyo 28, 2025 ang paghahain ng imbestigasyon sa diumano'y anomalya sa mga flood control projects. "Mahiya naman kayo sa inyong kapwa Pilipino. Mahiya naman kayo sa mga kababayan nating naanod o nalubog sa baha. Mahiya naman kayo lalo sa mga anak nating magmamana sa mga utang na ginawa [ninyo]," saad ni PBBM sa kaniyang SONA.

Noong Agosto 4, 2025, ibinunyag naman ni Senator (Sen.) Lacson ang 67 mambabatas noong 2022 na sabay ring kumita bilang kontratista sa
kanilang sariling proyekto.

**Paglutang ng mga Kontratista**

Ilang araw ang nagdaan, naglapag si PBBM ng pangalan ng 15 na contractors na naguwi ng P100 bilyon na flood control projects simula noong 2022.

Kabilang sa 15 na nasabing contractors ay ang mga sumusunod: Legacy Construction Corporation, Alpha and Omega Gen. Contractor and Development Corp, St. Timothy Construction Corp, QM Builders, EGB Construction Corporation, Topnotch Catalyst Builders Inc, Centerways Construction and Development Inc, Sunwest, Inc, Hi-Tone Construction and Development Corp., Triple 8 Construction and Supply, Inc, Royal Crown Monarch Construction and Supplies Corp, Wawao Builders, MG Samidan Construction, L.R. Tiqui Builders Inc., at Road Edge Trading and Development Services.

**Paglilinaw ng mga Mambabatas**

Inihayag ni Senate President Chiz Escudero noong Agosto 12, 2025 na wala siyang kinalaman sa construction firm na pinamumunuan ng kanyang campaign donor noong 2022, na nanalo sa serye ng flood-control projects.

"Kung may ginawa siyang iligal, ulitin ko ha, kung may ginawang iligal sinuman, dapat managot sila. Pero wala akong kinalaman kaugnay sa program of work, pag-bid, pag-award," ani ni Escudero.

Sa kabilang banda, iginiit ni Senate Majority Leader Joel Villanueva na walang senador ang nasasangkot sa mga kontrata kaugnay ng kontrobersyal na proyekto na binanggit ni PBBM.
"Siguro vindication at clarification ito ng mga pangyayari na naganap the past few weeks, I would say, especially in light of the election of Senate presidency dahil kami ni SP Chiz [Escudero] na-drag doon sa kung ano-anong chismis at fake news about flood control," pahayag ni Villanueva.

**Pagbitiw sa DPWH**

Noong parehong buwan, ika-31 ng Agosto, nagbitiw sa puwesto si DPWH Secretary Manuel Bonoan sa gitna ng imbestigasyon sa kontrobersyal na flood control projects.
Kasunod ng pagbibitiw ni Bonoan, pinalitan siya ni Department of Transportation Secretary Vince Dizon bilang bagong Secretary ng DPWH.




**Pag-amin ni Sarah Discaya**

Bukod dito, lumala ang kontrobersiya nang aminin ni contractor Sarah Discaya na siya at ang kaniyang asawa ay may-ari ng siyam na construction firms, na kung minsan ay naglalaban pa sa isa't isa sa bidding ng gobyerno, na nagbubukas ng tanong sa anomalya sa flood control projects.

Kabilang sa mga ito ang: Alpha and Omega Gen. Contractor & Development Corp., St. Gerrard Construction and Development Corp., St. Timothy Construction Corp., St. Matthew General Contractor and Development Corp.,
Elite General Contractor and Development Corp., Amethyst Horizon Builders and General Contractor & Development Corp., YPR General Contractor and Construction Supply Inc., Great Pacific Builders and General Contractor Inc., at Way Maker One Person Corp.

Ginisa ni Sen. Jinggoy Estrada si Discaya sa hearing nang tanungin tungkol sa kontrobersyal na bidding ng mga flood control projects.

"So that is not a legitimate bidding. Dahil yung siyam na 'yun na naglalaban-laban sa isang kontrata, iisa lang may ari. So kahit sino dun, kahit sinong manalo dun sa bidding na yun, ikaw ang panalo. Dahil sa'yo lahat yun eh. Correct? Tama?" tanong ni Estrada.

Nilinaw naman ni Discaya na hindi siya ang nag-iisang may-ari ng lahat ng kumpanya.

"Hindi po. Kasi iba-iba yung may-ari ng mga companies," wika ni Discaya.

Sa karagdagan tinatanong rin ni Sen. Estrada kung pag-aari ni Discaya ang lahat ng siyam na nabanggit na kumpanya, ngunit nilinaw nito na siya at ang kaniyang asawa ay part owners lamang.

Hanggang sa ipinagbawal ng Philippine Contractors Accreditation Board noong Setyembre 3, 2025 ang operasyon ng siyam na construction firms ni Sarah Discaya, contractor ng flood control projects, matapos lumabas ang mga alegasyon ng paboritismo at di-lehitimong bidding

**Bagong Testigo, Bagong Bintang**

Makalipas ang ilang linggo, isang bagong testigo ang kumuwestiyon sa integridad ng ilang matataas na opisyal ng pamahalaan.

Inihayag ni dating DPWH engineer Brice Hernandez na hindi lamang mga contractor ang sangkot, kundi pati umano ang mga senador na sina Jinggoy Estrada at Joel Villanueva, kasama si DPWH Undersecretary Roberto Bernardo at dating Bulacan District

*Ipagpatuloy sa P3...*



## WU-P pinaigting ang seguridad laban sa bentahan ng droga

Ulat ni Jazcentael Solano

Hinigpitan ang seguridad sa Wesleyan University-Philippines (WU-P) matapos tumambad ang seryosong bentahan ng ilegal na droga, pagdami ng insidente ng "lost and found," at mga aksidenteng nagaganap sa parking lots, ayon kay Security Department Head at Dean ng College of Criminal Justice Education, Dr. Mercinario I. Santos.

**Mga Banta sa Kampus: Droga at Bomb Threats**

Ayon kay Dr. Santos, may mga ulat ng bentahan ng droga at mayroon nang isang kumpirmadong kaso, ngunit hindi nila isiniwalat ang pagkakakilanlan ng sangkot.


Tungkol sa bomb threats, sinabi ni Dr. Santos na madalas silang makatanggap ng ganitong ulat, subalit wala pa umanong napatunayang totoo ang security department.

**Mas Mahigpit na Security Protocols**

Sa panayam, ibinahagi ni Dr. Santos ang mas pinatibay na mga hakbang sa bawat gate ng unibersidad, tulad ng security drills, dagdag na CCTV, metal detectors, at mas mahigpit na inspeksyon sa mga delivery, upang matiyak ang kaligtasan ng lahat.

"So the assessment, ginagawa natin 'yan kasi from time to time, nagkakaroon kasi ng changes at minsan may mga threat din na dumarating," paliwanag ni Dr. Santos.

*Ipagpatuloy sa P4...*



***P100-B flood control scandal...***

Engineer Henry Alcantara.

Ayon kay Hernandez, umabot sa P355 milyon ang inilaan ni Sen. Estrada para sa ilang proyekto sa Bulacan, na umano'y may kaakibat na "30 percent commitment."

Iginiit din niya na si Sen. Villanueva umano ay nakatanggap ng 30% SOP mula sa P600 milyong halaga ng flood control projects na nakapaloob sa budget allocations para sa lalawigan.

Habang mariin namang itinanggi nina Estrada at Villanueva ang mga akusasyon.

**Pag-alboroto ng Taumbayan**

Hindi nagtagal, umalingawngaw ang boses ng libo-libong Pilipino na nagprotesta laban sa umano'y pagnanakaw sa kaban ng bayan ng mga tiwaling opisyal ng pamahalaan.

Nagsama-sama sila sa isang malawakang kilos-protesta na dinaluhan ng mga delegadong nagmula sa iba't ibang lalawigan, noong Setyembre 21, 2025, kasabay ng ika-53 anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar.

**Pakikiisa ng mga mag-aaral ng WU-P**

"Galit ako sa kapal ng mukha ng mga corrupt politicians na ginagamit yung taxes na pinaghihirapan ng mga magulang natin," mariing pahayag ng isang mag-aaral mula sa Wesleyan University-Philippines (WU-P), isa sa libu-libong dumalo sa makasaysayang Baha sa Luneta Rally.

Nakiisa ang ilang Wesleyanians sa hanay ng mahigit 50,000 katao na nagmartsa at nagprotesta sa Luneta upang kundenahin ang multi-bilyong pisong eskandalo sa ilalim ng "Flood Control Projects,"

na tinuturing ngayon ng mga grupo bilang simbolo ng sistematikong korapsyon sa gobyerno.

Pinangunahan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang unibersidad, progresibong organisasyon, at makabayang grupo ang protesta, na tinawag nilang isang "pagbaha ng galit at panawagan para sa hustisya."

Ayon sa pamahalaang lungsod ng Maynila, isa ito sa pinakamalalaking mobilisasyong nakita sa lungsod sa mga nakaraang taon.

Para sa isang nursing student mula WU-P, bagamat magulo at nakakapagod ang kilos-protesta, mas nanaig ang damdamin ng pagkakaisa at diwang makabayan.

Pahayag ng isang Nursing student mula WU-P, nakapangingilabot umano ang galaw sa rally ngunit naniniwala siyang simbolo ito ng pagkakaisa ng bawat Pilipino.

"Nakakapangilabot ang bawat galaw sa rally. Magulo at nakakapagod, pero sa kabila naman no'n ay naramdaman ko yung gaan, saya, at pagiging makabayan sa tuwing naririnig mo yung dagundong na hiyaw ng mga kasama mo at suporta ng mga taong nakakasalubong mo. Simbolo na kaya natin magkaisa para sa kaayusan," aniya.

Para naman sa isang pang mag-aaral mula sa Wesleyan, minulat ng protestang ito ang kaniyang pagiging Pilipino at binigyan siya ng panibagong pagkakakilanlan sa mga tao sa likod nito; naniniwala rin siyang ito man ang una niyang karanasan ay sinisigurado niyang hindi ito ang huli niyang pag-martsa para sa bansa.

"Joining the rally today at Luneta was an experience I'll never forget. Before, whenever I would see people rallying on the streets on TV, iniisip ko: siguro itong mga raliyista na 'to, walang nang magawa sa buhay at wala silang ibang masisi sa kahirapan nila kundi ang gobyerno. Hindi pala sila basta lang sumisigaw sa kalsada, hindi sila mga taong naghahanap lang ng eksena, and more importantly, hindi sila mga taong walang magawa sa buhay kundi isisi sa gobyerno ang kahirapan. In fact, it's the opposite," wika niya.

Samantala, sa pamamagitan ng protestang ito ay unti-unting nabuo ang mas maigting na panawagan para sa isang gobyernong tunay na tapat at naglilingkod sa bayan.



# Taiwan's Mirror TV, bumisita sa WU-P; LAKBAY program inilarga

Ulat ni Alleana Mesina

Nararating ng Language Acquisition and Knowledge Building Through Adventures for the Young (LAKBAY) Program ng Wesleyan University-Philippines (WU-P) ang bagong tagumpay sa pakikipagtulungan nito sa Taiwan's Mirror TV, isang pangunahing media outlet sa Taiwan, upang itaguyod ang programa para sa mga Taiwanese learners.

**Pagbisita ng Mirror TV sa WU-P**

Pinangunahan ni CEO Tsai Tsan Poe ang delegasyon na nagpunta sa WU-P upang personal na masaksihan ang English at cultural immersion experience na handog ng unibersidad.

Ayon sa University President na si Dr. Irineo "Bong" Alvaro Jr., ang programang ito ay isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng Pilipinas at Taiwan.

"Kapag pinag-uusapan ang internasyonal na pakikipag-ugnayan, madalas nating tinitingnan ang US o Europa. Ngunit minsan, ang pinakamainam nating oportunidad ay nasa tabi lamang. Ang Taiwan ay hindi lamang pinakamalapit na kapitbahay natin. Ang Taiwan ay isang pinagkakatiwalaang kaibigan din," ani Dr. Alvaro.

**Tampok na pagtatanghal at pagpapakilala sa kulturang Pilipino**

Kasama sa pagdiriwang ang mga pagtatanghal mula sa iba't ibang grupo ng estudyante ng WU-P tulad ng Teatrong Laan para sa Obra Ngayon (TELON), Wesleyan Chamber Singers, WU-P Dance Troupe, SHARE students (mga estudyante na may kapansanan sa pandinig), at ang Executive Male Choir na nagpakita ng mga folk dance, teatro, at musika ng Pilipino bilang bahagi ng pagpapakilala sa kultura.

**LAKBAY bilang tulay ng pagkakaibigan sa Asya**

Ipinabatid ni Prof. Rio Anne Dizon, Direktor ng Office for Internationalization and Linkages ng WU-P, na ang LAKBAY Program ay hindi lamang isang panandaliang proyekto kundi isang tulay ng pagkakaibigan at pagpapalitan ng kultura sa buong Asya.

"Hindi ito isang isang beses na proyekto lamang. Ang LAKBAY ay magiging tulay sa pagitan ng Pilipinas at ng ating mga kapitbahay sa Asya," ani Prof. Dizon.

**Pagpapalawak ng programa at suporta mula sa Taiwan**

Binibigyang-diin ng programa ang praktikal na paggamit ng wikang Ingles sa pang-araw-araw na buhay habang sinasama ang mga estudyante sa aktibidad sa komunidad, mga pamilihan, at mga makasaysayang pook upang mas maunawaan nila ang kulturang Pilipino.

Samantala, pinuri naman ni Mr. Christopher Lu, Philippine-Taiwan Partnership Consultant, ang inisyatibo bilang isang mahalagang hakbang upang higit pang palalimin ang pagkakaintindihan at pagkakaibigan ng dalawang bansa.

"Panahon na para kilalanin ng Taiwan at Pilipinas ang pagkakalapit at mga pinagsasaluhang pagpapahalaga ng ating mga bayan. Marami tayong pagkakatulad at marami tayong matututuhan mula sa isa't isa," saad ni Lu.

**Pagtanaw sa hinaharap ng LAKBAY Program**

Sa tulong ng Mirror TV, layunin ng WU-P na lalong palawakin ang LAKBAY Program bilang isang pangunahing programa para sa mga estudyante mula sa Taiwan at iba pang bahagi ng Silangang Asya, na sumusuporta sa bisyon ng unibersidad na maging sentro ng palitan ng kultura sa Gitnang Luzon.

Volume XXVIII
Issue No. 2




# Gov. Umali muling nanungkulan pagkatapos ang quarry permit case

Ulat ni Angel Ramos

Nakabalik sa serbisyo si Punong Lalawigan Aurelio "Oyie" Umali nitong Nobyembre 12, 2025, matapos palitan ng multa ang dating isang taong suspensiyon na ipinataw sa kanya kaugnay ng diumano'y iligal na pag-isyu ng quarrying permits para sa sand and gravel extraction sa lalawigan ng Nueva Ecija.

Ayon sa desisyon ng Department of the Interior and Local Government (DILG), ang multa ay katumbas ng tatlong buwang sahod o humigit-kumulang P600,000–P680,000 batay sa Salary Grade 30 ng isang gobernador.

Kasama sa reklamo ang asawa ni Gov. Umali na si Czarina Umali at ang opisyal ng Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO) na si Wilfredo Pangilanan.

Mayroong 205 quarrying permits na pinaghihinalaang inilabas nang walang kaukulang Environmental Compliance Certificate (ECC) mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Una nang pinatawan ng anim na buwang preventive suspension si Umali noong Mayo 10, 2024, upang maiwasan ang posibleng pakikialam sa ebidensya at proseso.

Subalit noong Agosto 20, 2024, inaprubahan ng Court of Appeals ang Temporary Restraining Order (TRO) na pansamantalang nag-alis sa bisa ng suspension.

**Makalipas ang halos isang taon, Hulyo 2025, idineklara ng Ombudsman na guilty si Umali sa "asal na nakapipinsala sa pinakamabuting interes ng serbisyo" at simpleng paglabag sa tungkulin, dahilan para siya'y patawan ng isang taong suspensiyon.**

Sa panahong iyon, ang Bise Gobernador Gil Raymond Umali ang pansamantalang pumuno bilang gobernador, samantalang ang Board Member Eduardo "EJ" Joson ay pansamantalang bise gobernador.

Agad namang naghain ng motion for reconsideration ang kampo ni Umali noong Agosto 2025. Aniya, ang kaso ay "pawang legal interpretation. Walang criminal charge at walang isyu ng korupsiyon, pagnanakaw, o wrongdoing." Idinagdag pa niya na maaaring may political motive sa likod ng reklamong isinampa.

"Ipinapakita nito na ang kaso ay hindi tungkol sa tunay na alalahanin sa pampublikong serbisyo kundi higit pa sa mga partidaryong interes na naglalayong pahinain ang aking kredibilidad," saad ni Umali.

Noong Oktubre 2025, ipinagpalit ng Ombudsman ang isang taong suspensiyon sa multa, na naging daan upang maibalik sa serbisyo si Umali sa Nobyembre 12, 2025.

## *Bentahan ng droga...*

**Monitoring System, Mas Pinatibay**

Ayon pa kay Dr. Santos, nakatulong ang pagdaragdag ng CCTV sa paligid ng unibersidad sa pag-iimbestiga ng mga kaso ng nawawalang gamit, na agad ding naibabalik sa may-ari, kabilang ang isang alahas na nagkakahalaga ng daang libong piso

Dagdag pa niya, malaking tulong din ang CCTV sa pagresolba ng mga insidente sa parking lots.

"For example sa mga [naatrasan ng] sasakyan, sino naka-atras, [at] ano ang nasira," aniya.

**Paghahanda sa Emergencies**

Kasabay nito, patuloy ang paghahanda ng Security Department sa mga aktibidad ng unibersidad, lalo na kapag may mga bisita o inaasahang maraming outsiders sa kampus, bukod pa sa regular na security protocols.

Ayon kay Dr. Santos, isa sa mga hamon nila ang agarang pagtugon sa mga emergency na kinasasangkutan ng faculty at estudyante, tulad ng pagkahimatay o pangangailangang madala sa ospital.

Dahil dito, isinailalim nila ang mga security guard sa basic life support training sa pangunguna ng Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO), na accredited ng Department of Health (DOH). D

Nakadalo rin ang security team sa Bomb Threat Awareness and Cybercrime Seminar bilang karagdagang paghahanda.

**Disciplinary Actions ng WU-P**

Samantala, ang mga mag-aaral na nahuhuling lumalabag ay dinadala sa Office of Student Affairs (OSA), habang ang mga faculty at staff ay inirerefer sa Human Resources Office (HR) para sa kaukulang aksyon.Human Resources Office (HR).

# WU-P GAD Office, naglunsad ng bagong programa matapos isyu ng rape joke sa orientation

Ulat nina Neil Castañeda & Jeremy Santos

Nagpatupad ng mga bagong programa ang Gender and Development (GAD) Office ng Wesleyan University-Philippines (WU-P) upang magbigay ng agarang at pangmatagalang tulong sa mga mag-aaral at empleyado matapos ang kontrobersiya sa National Service Training Program (NSTP) orientation noong Hulyo 26, 2025.

Ang insidente ay nagsimula nang magbitiw ng biro tungkol sa panggagahasa si Technical Sergeant Elisa Reyes, isang tagapagsalita na ayon sa ilang mag-aaral ay nakasakit at nagdulot ng trauma.

Bilang tugon, inilunsad ng GAD Office ang "Safe Desk" Support Assistance For Equality, na magbibigay ng direktang tulong sa mga nakararanas ng diskriminasyon o kawalan ng katarungan, at ang "Bridge" program, na mag-aalok ng sikolohikal at legal na suporta para sa mga nakaranas ng trauma.

Ayon kay Jaziel Naomi C. Reyes, Officer-in-Charge (OIC) ng GAD Office, bagaman hindi pa lubos na operasyonal ang mga programa, may agarang tulong na maibibigay sa pamamagitan ng kanilang opisina at opisyal na Facebook page.

***"Layunin ng mga serbisyong ito na masiguro na walang estudyante o empleyado ang makakaramdam na nag-iisa sa harap ng kawalan ng katarungan, diskriminasyon, o anumang uri ng pang-aabuso,"*** pahayag ni Reyes.

Samantala, kinumpirma ng GAD Office na hindi na isasama si Sgt. Reyes sa anumang programa o itatalaga ng unibersidad.




*Genré*



Larawang kuha ni Nathan Capiral

# P5 mark-up sa presyo ng pagkain sa WU-P, umani ng iba't ibang reaksyon

Ulat ni Zyleen Barbosa

**Ipinahayag ng mga tindera at mag-aaral ng Wesleyan University—Philippines (WU-P) ang kani-kanilang saloobin hinggil sa ipinatupad na P5 mark-up rate sa presyo ng mga pagkain sa loob ng unibersidad**, partikular sa mga stall sa food court at canteen noong Oktubre 21, 2025 sa unibersidad.

Ayon sa mga tindera mula sa mga stall na May-Ann's at KLIK's, ang pagtaas ng presyo ay bunga ng pagtaas ng puhunan, gastusin sa transportasyon, at iba pang bayarin sa pagkuha ng mga produkto. Giit nila, makatarungan lamang ang dagdag-presyo upang mapanatili ang kalidad ng kanilang serbisyo at matugunan ang mga bayarin sa araw-araw na operasyon.

"Medyo tataas yung puhunan, so magtataas din kami ng price dito. Yun talaga yung nakakaapekto. Makatarungan naman yung pagtaas kasi ibi-biyahe pa yung ibang pagkain, malayo pa yung pinanggagalingan," pahayag ng May-Ann's stall sa food court.

Ipinahayag ng KLIK's stall na hindi gaanong nakaapekto sa kanilang hanapbuhay ang P5 mark-up dahil nauunawaan naman ng karamihan sa mga estudyante ang dahilan ng pagtaas. Ipinaliliwanag din nila ito sa kanilang mga suki upang maunawaan ang sitwasyon.

"Actually, hindi naman siya nakakaapekto sa amin kasi aware naman mostly ng mga bata. Pinaliliwanag naman namin, 'Don't you worry, anak, kapag nag-adjust ulit ay ia-adjust ulit natin ang price," saad ng KLIK's stall.

Dagdag pa nila, makatarungan umano ang P5 mark-up dahil patuloy silang nagbabayad ng renta kahit sa mga araw na walang pasok, kaya't mula rito rin nila kinukuha ang dagdag-gastusin.

***"Definitely yes, makatarungan ang P5 mark-up. Naghahabol pa nga kami, lalo na kapag walang pasok kasi nagbabayad pa rin naman kami ng rent, kaya doon din namin kinukuha,"*** sambit ng KLIK's stall.

Samantala, may ilang estudyante naman ang nagsabing malaki ang epekto ng dagdag-presyo sa kanilang pang-araw-araw na baon at gastusin.

"Bilang isang estudyante na araw-araw bumabyahe, malaking epekto ang P5 mark-up sa pang-araw-araw kong budget. Kung tataas ang aking gastusin ng limang piso, malilimitahan na ang ibang pangangailangan ko. Para sa karamihan, maliit lang ang limang piso, pero para sa isang estudyante na kagaya ko, malaking bagay ito," ani Mickaelah Pagaduan, mag-aaral ng nursing.

Bagama't magkaiba ang pananaw ng mga tindera at estudyante, pareho nilang nauunawaan ang pangangailangang mapanatili ang balanse sa pagitan ng kabuhayang pangtindahan at kakayahang pinansyal ng mga mag-aaral.

Sa karagdagan, nananatiling bukas ang usapin ukol sa tamang presyo ng pagkain sa loob ng campus habang patuloy ang diyalogo sa pagitan ng mga tindera, estudyante, at pamunuan ng paaralan upang mapanatili ang abot-kayang pagkain para sa lahat.

# Ignite 2025: Wesleyanians nagkaisa sa linggong selebrasyon

Ulat ni Nicka Hermano

Sa gitna ng preparasyon para sa ika-80 Founding Anniversary ng Wesleyan University–Philippines (WU-P), itinampok ng Supreme Student Council (SSC) ang Ignite 2025: Unite – Joy in Service and Celebration, isang linggong selebrasyon na nagtapos noong Oktubre 17 at direktang nagpasiklab ng school spirit, pagkakaisa, at masiglang partisipasyon ng mga wesleyanians.

Pinakaumigting ang huling araw ng selebrasyon dahil sa sunod-sunod na pagtatanghal mula sa mga bandang Sinag, Phase 5, Stellar, at 3100, kabilang ang espesyal na performance mula sa TikTok comedian na si Arman Salon.

Isa rin sa pinakahinintay ang Water Fest kung saan masiglang nakilahok ang mga mag-aaral. Ayon kay Chrishea Ellynn Galang, SSC Public Relations Officer at Co-Head ng Ignite Week 2025, layunin ng programa na ipagdiwang ang mga estudyante at ipakita ang kahalagahan ng pamumuno, serbisyo, at pagkamalikhain sa loob ng unibersidad.

***"Ignite 2025 was also part of the 80th Founding Anniversary celebration of Wesleyan University–Philippines, and we can truly say that the event was a success especially since the event coincided with Scholarship Month. Overall, the event helped strengthen school spirit and unity among Wesleyanians,"*** aniya.

Matapos ang Ignite Week, idinaos naman noong Oktubre 23 ang "Salamat Wesleyan: Talent Showcase," na tampok ang mga pagtatanghal mula sa Wesleyan Dance Troupe, Wesleyan Knights, League of Governors, TELON, Wesleyan Chamber Singers, SSC, at Genré.

Ibinahagi naman ni OSA Director Prof. Crystalyn A. Galindo na muling ipinakita ng programa ang lawak ng oportunidad ng scholarship sa WU-P at ang pagpapahalaga ng unibersidad sa mga alumni at benepisyaryong bahagi ng iba't ibang programa.

"The event showed how powerful our scholarship offerings are because we invited and recognized those alumni under different scholarship programs," saad ni Prof. Galindo.

Patuloy namang inaabangan ng mga estudyante ang mga susunod pang aktibidad sa nagpapatuloy na walong-buwang pagdiriwang ng ika-80 Founding Anniversary na magtatapos sa Pebrero 2026.



# WU-P umangat sa pambansang average ng LESW

Ulat ni Charles Pasamonte

Nagtala ng halos na perpektong tagumpay ang ipinamalas ng Wesleyan University-Philippines (WU-P) matapos maitala ang 95.45% passing rate sa September 2025 Licensure Examination for Social Workers (LESW), kung saan 47 sa 49 na Wesleyanian examinees ang pumasa, isa sa mga pinakamataas na performance sa bansa.

Ayon sa inilabas na resulta ng Professional Regulation Commission (PRC) noong Setyembre 16, 2025, 42 sa mga pumasa ay unang beses na kumuha ng pagsusulit habang lima naman ay mga repeater.

Ang naturang passing rate ay 14.28% na mas mataas kaysa sa pambansang average na 76.06%, at nagbigay-diin sa patuloy na kahusayan ng unibersidad sa larangan ng social work education.

Ibinahagi ng mga pumasa na malaking tulong sa kanilang tagumpay ang isang buwang training camp sa Baguio City, kung saan sila sumailalim sa masusing review at mentoring ng kanilang mga guro. Sa pamamagitan nito, higit nilang napanday ang kanilang disiplina, kumpiyansa, at kahandaan para sa pagsusulit.

Samantala, ang Bachelor of Science in Social Work (BSSW) program ng WU-P ay may Level III accreditation mula sa Association of Christian Schools, Colleges, and Universities - Accrediting Council, Inc. (ACSCU-ACI) at patuloy na nagpapatunay ng mataas na pamantayan sa akademya at propesyonalismo ng mga Wesleyanian social workers.

Volume XXVIII
Issue No. 2




Iginuhit ni John Michael Ramos

# ANG KANTA NG MGA CONTRACTOR SA PILIPINAS

Isinulat ni Ken Mark Torres

Unti-unti nang kumakanta ang mga contractor at mga kasabwat nilang kawani ng gobyerno pero hindi sa pagamin at pag-ako ng pananagutan sa mga palpak na proyekto, kundi sa pagsisiwalat ng kanilang marangyang pamumuhay gamit ang buwis ng mamamayang Pilipino.

Kaya naman hindi na dapat ginagawang diskusyon kung nararapat nga bang idamay ang mga anak ng sakim na pulitiko at kontratista sa umusbong na isyu na flood controls. Hindi lang nakadidismaya ang pang-babastos nila sa kaban ng mamamayang Pilipino dahil walang habas din nilang pinagpalit ang kaligtasan ng taumbayan para sa pansariling karangyaan. Kaya ang tanong na "Kailangan bang idamay din ang mga inosenteng anak nila?"ang dapat munang tanungin ay "Inosente nga ba sila?"

Bago pa lamang magsimula ang taon, naging isang malaking diskusyon na ang Allocated Budget 2025 dahil sa kwestunableng mga nailatag na badyet sa bawat departamento para sa pagpapaunlad ng mga pasilidad, edukasyon, kalusugan, daan, tulay, flood controls, at iba pang kinakailangan ng aksyon sa bansa. Sa unang tatlong taon ng termino ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr., 9,855 flood control projects na nagkakahalaga ng humigit-kumulang 545 billion pesos para isaayos ang hindi matapos na problema ng bansa sa baha. Pero bago pa man masolusyonan ang problema ay mukhang mas madadagdagan pa ito dahil sa naglipanang "ghost" flood control projects.

Unang-una sa listahan ng mga iniimbestigahan na kontraktor ay ang biyonaryong pamilya Discaya. Ang pamilya ni Cezarah "Sarah" Discaya ay namataang nakapagbulsa ng 25.2 bilion pesos dahil sa 345 solo and joint projects sa ilalim ng anim na kumpanyang hawak nila. Nakilala si Sarah Discaya sa ilang viral videos na nagfl-flex ng luxurious cars, bristish accent mom, at ang pinaka-latest ay ang kaniyang hearing sa senado para patunayan ang sandamakmak na ghost projects sa kanilang kumpanya. Siguro pwede na syang bansagan bilang "The British-Filipina Queen of Flood Control".

Kabilang sa listahan na pinangalanan ng Pangulo para imbestigahan ay ang labinlimang (15) kilalang contractor sa bansa. Tinatayang 100 billion pesos na halaga ng flood control projects ang nasa ilalim ngayon ng pagsisiyasat sa mga wari'y naging ghost projects sa loob ng tatlong taon.

Nakakagulat? Hindi. Nakaramdam ng galit, inis, at pagkadismaya? Aba'y s'yempre.

Nakatatawa na lang talaga ang mga 'feeling woke' sa lipunan dahil nababahala sila sa mga 'performative male' pero hindi man lang kayang magsalita pag ang usapin ay kurapsyon sa Pilipinas. Nakapangingilabot na ring masaksihan ang performative outrage ng mga mamababatas na nagsasabing itigil ang kurapsyon na akala mo ba'y hindi harap-harapang tumutol sa sigaw ng bayan na ituloy ang impeachment ng mga kurakot.

Limang mambabatas ang iniimbistigahan sa pagkakasangkot sa ilang pangungurakot ng budget sa mga flood control projects. Kabilang na rito sina Senator Francis "Chiz" Escudero, Senator Joel Villanueva, Senator Christoper Lawrence "Bong" Go, Senator Jinggoy Estrada, at Ako Bicol House Representative, Elizaldy Co. Ang mga nabanggit ay pinaghihinalaan na may koneksyon sa ilang pinaiimbistegahan na kumpanyankabilang na dito ang Centerways Constructions and Development, New San Jose Builders Inc., CLTG Builders, Alfrego Builders and Supply, Sunwest, at iba pa. Isa sa dahilan ng pagsususpetsya ay ang pagkanta ng ilang contractor na di umano ay naging donor sa kanilang 2022 senatorial campaign.

Matagal nang mulat ang ilan sa atin kapag ang usapin ay "political dynasty" sa ating bansa. Sa paglipas kasi ng panahon, tila naging normal na ito at mas masahol pa ay ginagawa nating santo ang mga pamilyang ginawang 'trip to Jerusalem' ang pag-upo sa pwesto. Bagaman ang ating focus ay sa mga umuupo, hindi na natin namamalayan ang mga nakikinabang sa kaban ng bayan. Akala siguro ng mga kurakot ay celebrity scandal ang problemang dinulot nila sa sambayanang Pilipino—lilipas din matapos ang ilang buwan o malilimutan ng mga tao kapag may issue na bago para mapagtakpan.

Ngayong parami nang parami ang mga proyektong palpak at unti-unti nang nagkakaroon ng linaw kung saan napupunta ang pera ng mga Pilipino, mas lalong nagkakaroon ng lakas ang bawat isa sa atin para isiwalat ang totoong kalagayan ng bansa. Hindi lang tapang ang pinapakita ng mga nagra-rally dahil bawat sigaw nila ay may kaakibat na hustisya para sa bawat Pilipinong lumubog sa baha, umiyak dahil kinailangang iwanan ang kanilang tinatangay na bahay, at para sa lahat ng nagtitiis sa bulok na sistema.

Nakapagtataka na talaga kung saan kumukuha ng lakas nang loob ang mga panatiko ng mga lingkod bayan para ipagtanggol ang mga harap-harapang nangungurakot sa kanila. Galit sa nagra-rally dahil daw hindi tamang gamitan ng dahas pero hindi ba mas marahas ang ginagawa nilang pagnanakaw sa kaban ng bayan? Bulag-bulagan sa katotohanan o bingibingihan sa sigaw ng bayan?
Hindi lang basura ang nagiging dahilan ng pagbara sa mga kanal sa Pilipinas, isa ang mga babad sa luho na mga nepo babies at ang kanilang mga sakim na magulang ang nagpapalunod sa ating ekonomiya. Hanggang ginagatasan ng mga sangay ng gobyerno ang kurapsyon, nararapat lamang na punahin ang mga feeling dugong buhaw na nakikinabang sa buwis ng taumbayan.

Ang awiting ito ay hindi lang para sayo, kundi para sa lahat ng mamamayang Pilipino na pinagkaitan ng karapatang magkaroon ng maayos na kinabukasan dahil sinaalang-alang ang kanilang kaligtaasan sa karangyaan.



Larawang kuha ni Jezreel Anat

# Baydoun, de Lima, pinarangalan ng Honorary Degrees sa WU-P 77th Commencement Exercises

Ulat ni Ishi Viel

**Iginawad ng Wesleyan University-Philippines (WU-P) ang pinakamataas na parangal nitong Doctor of Humanities (Honoris Causa) kay Mike M. Baydoun, Chairman ng Board of World Medical Relief, sa pang-umagang seremonya ng 77th Commencement Exercises**, habang pinangunahan naman ni Congresswoman Leila Norma Eulalia Josefa Magistrado de Lima ang pang-hapong seremonya, kung saan siya rin ay iginawad ng Doctor of Laws (Honoris Causa) noong Agosto 26, 2025 sa University Gymnasium.

Ipinagkaloob ang mga honorary degree sa pamamagitan ng awtoridad ng Board of Trustees at rekomendasyon ng Academic Council bilang pagkilala sa pambansang serbisyo at kontribusyon nina Baydoun at de Lima.

Sa pang-umagang sesyon, nagtapos ang mga magsisipagtapos na mag-aaral mula sa College of Nursing (CON), College of Allied Medical Sciences (CAMS), College of Engineering and Computer Technology (CECT), College of Education (COED), College of Hospitality and Tourism Management (CHTM), Wesley Divinity School, at College of Criminal Justice Education (CCJE).

Dito rin pormal na iginawad kay Baydoun ang Doctor of Humanities (Honoris Causa), kung saan ibinahagi niya ang kahalagahan ng pananampalataya na sinasamahan ng karakter, kakayahan, at pagpupursige.

"Faith is not enough, it's choosing to be better every day—not to applause, but to impact," ani ni Baydoun.

Binigyang-diin ng batch valedictorian na si Kristoffer Ban Cabiles na ang kabutihan at malasakit ang tunay na batayan ng kahusayan.

"Kindness is our greatest decision. Ang tunay na mahusay hindi ipagdadamot ang kaniyang sarili," wika ni Cabiles.

Samantala, sa pang-hapong sesyon, nagbahagi si de Lima ng mensaheng nagbibigay-lakas sa Batch 2024–2025, hinikayat ang mga graduates na ipaglaban ang katotohanan, harapin ang mga hamon nang may tapang, at gampanan ang tungkulin sa bayan.

***"Let us not forget that this graduation is also about your country. This graduation is also about your country and your obligation to a fellow Filipino to build a better society for everyone,"*** saad ni de Lima.

Binanggit rin ni de Lima na may tungkulin ang bawat indibidwal na makatulong sa ikabubuti ng lipunan at maglingkod sa layuning mas mataas kaysa sa pansariling interes.

"Malinaw na bawat isa sa atin [ay] may kani-kaniyang tungkulin sa pagtulong sa lipunan, sa pagpapabuti ng ating bayan, at sa paglilingkod sa kapwa—o sa isang adhikain na mas malaki kaysa sa ating sarili," dagdag niya.

Dumalo naman sa pang-hapong sesyon ang mga mag-aaral na magsisipagtapos mula sa College of Arts and Sciences (CAS), College of Business and Accountancy (CBA), John Wesley School of Law and Governance, at Graduate School, kasama si Bishop Rodel Acdal ng Baguio Episcopal Area (BEA), mga administrador, Deans, guro, at staff ng unibersidad.

# Genré, wagi sa unang YJPFC 2025 appearance

Ulat ni Neil Castañeda

Ipinamalas ng Genré—The Central Student Publication ng Wesleyan University-Philippines (WU-P) ang husay ng mga Wesleyanian journalists matapos itong magwagi ng iba't ibang parangal sa unang pagkakataon nitong lumahok sa Young Journalist Press Freedom Conference (YJPFC) 2025 noong Agosto 29, 2025 sa Tarlac State University–Lucinda Campus.

Nakamit ng Genré ang 9th Place Overall Best E-Magazine, 2nd Place Best Editorial Page, 5th Place Best Literary Page, 5th Place Best Page Layout, at 10th Place Best DevCom Page.

Sa A-List Social Media Page category, nagtamo ito ng 6th Place Best Editorial Entry at 9th Place Best Sports Entry.

Nasungkit din ng publikasyon ang 9th Place Overall Best News Broadcast Production at 4th Place Best in Script.


# Sa Selda ang Tahanan ng Pasista

Due process para kay tatay digong ang sigaw nila pero para sa mga biktima ng war on drugs, deserve nila yon? **Tahanan, pahinga, mga mahal sa buhay** —'yan ang mga hindi nauwian ng mga inosenteng biktima ng Extrajudicial Killings (EJK) na isinilid sa garbage bag, pinuluputan ng masking tape, iniwanan ng karatulang "Drug user ako, wag tularan", basta na lang itimambak sa lansangan na walang buhay at pinagpyestahan ng taumbayan.

Mula noong termino ni Former President Rodrigo Roa Duterte hanggang ngayong administrasyon, **hindi pa rin natutuldukan ang masahol na naging resulta ng kaniyang "War on Drugs" o mas kilala bilang EJK.** Hindi lang datos ang naglalarawan sa masakit na kinahantungan ng dahas noong kaniyang termino dahil maski ang mga pamilya ng mga biktima ay hanggang ngayo'y nagdadalamhati at patuloy na nagkukumahog sa hustisya. Walang sinanto ang laban kontra droga ni Duterte, ni bata, pamilyado, matanda, inosente o hindi, mayroon na lang biglang bubulagta sa lansangan—maliban na lang kung isa ka sa mga nasa kapangyarihan at hindi taliwas sa kaniyang paniniwala.

Kaya ngayong inaksyunan na ng International Criminal Court (ICC) ang kaso at inaresto ang dating Presidente, samu't sari ang reaksyon ng mamamayang Pilipino. Mayroong mga nadismaya at nagalit dahil hindi man lang daw dumaan sa "due process" ang ginawang aksyon kay Tatay Digs. Ngunit wala nang mas hahalaga pa sa reaksyon ng mga mahal sa buhay ng mga biktima dahil ang pagdakip kay Duterte ay simbolo ng pag-asa na unti-unti na nilang makakamit ang hustisya.

**"Bring him home", protesta nga nila dahil "inhumane" daw ang pag-aresto sa dating Pangulo** pero mas matino pa ang kaniyang selda kaysa sa mga kulungan dito sa Pilipinas, na halos nagsisiksikan na ang mga preso na parang sardinas. Pero sino nga ba ang dahilan kung bat punong-puno ang mga presinto sa bansa, hindi ba dahil pinakulong ni Duterte lahat ng hindi kayang tugunan ang legal na proseso at halos lahat ng ito ay mahihirap lamang—habang ang mga nasa kapangyarihan na gahaman at may kinalaman sa hindi matapos na laban kontra droga ay nanatiling ligtas sa kaniyang panunungkulan.




***"Ang pag-aresto ng ICC kay Duterte ay simbolo ng pag-asa"***

Dito lamang sa Nueva Ecija, naglunsad ng Prayer Rally ang kaniyang mga taga-suporta ngunit matatandaan na isa rin ang lalawigan sa naging biktima ng laban kontra droga ni Duterte. Tatlong biktima ng EJK sa Nueva Ecija ang natagpuang patay, may balot na tape ang mukha at iniwang parang basura sa kalsada. May mga karatula ring nakalagay sa kanilang mga bangkay na nag-aakusa sa kanila bilang mga miyembro ng Akyat-Bahay gang at gumagamit ng droga. Hindi makatao ang mga pagpaslang na ito kahit pa hindi inosente ang mga suspek. Kung usapang due process, naranasan ba ng mga biktima ng EJK ang pribilehiyong iyon sa paraan na gusto ng mga Die-Hard Duterte Supporters (DDS) para kay Duterte?

May ilang ulat na nagsasaad na ang dating president Rodrigo Duterte, ngayo'y nasa ilalim ng ICC, ay may lumalalang kondisyon. Naantala ang dapat sanang hearing nitong Setyembre dahil umano ay "not fit to stand trial." Naiintindihan naman kung bakit may ilang naaawa sa kaniya matapos kumalat ang larawan ng kanyang kalagayan. **Pero sa ganitong panahon, mahalagang balikan din natin ang mga larawan ng mga biktima ng EJK kung saan ang mga katawan ng mga biktima ay nakabumulagta sa mga kalsada noong kasagsagan ng EJK.** Ang mga kasong ito ay karaniwang hindi dumaan sa korte, hindi tulad kung ito ay ikukumpara sa kaso ni Duterte, kung saan isinasaad ng iba na walang legal na proseso.

Isang kaso noong 2017 ang nag-ulat ng tatlong bangkay na sabay-sabay natagpuan sa lalawigan — sina Ronald Agluba (39) at Ramonchito de Jesus (19), at isang hindi nakilalang lalaki. Pawang may tama ng bala, nakagapos, at may kartong nag-aakusa sa kanila bilang adik at miyembro ng "Akyat-Bahay." Tatlong buhay — naglaho sa isang gabi, walang korte, walang depensa, walang pagkakataong makapagsalita.

Hindi ito iisang insidente. Ayon sa monitoring reports, tinatayang ang Nueva Ecija ang nag-ambag sa halos 1**4% ng drug war–related violence sa buong bansa, at kabilang sa mga lalawigang may pinakamataas na civilian drug-related killings sa panahong iyon.** May datos na nagsasabing mahigit 150 kaso ng patayan ang naitala sa unang bahagi ng administrasyon, ilan dito'y vigilante-style, ilan ay operasyon ng pulis. Hindi man lahat nakapangalan, malinaw ang sugat ng probinsya.

Kaya itigil na ang "Bring him home" dahil katagang home ay ang lugar na hindi na rin dapat balikan ni Duterte. Wala nang mas mabuti pang paglalagyan ang pasistang lider kundi sa likod ng mga selda at habang buhay na pagdusahan ang karumaldumal na trato niya sa mamamayang Pilipino.

Ang pagharap ni Duterte sa ICC ay hindi paghihiganti. Ito ay pagsisimula ng pagharap sa katotohanan at hustisya— ang pagbibigay boses sa mga hindi nabigyan ng pagkakataong magsalita. Kung hahanap tayo ng mas makatao at makatarungang lipunan, dapat ay may paninindigang walang mataas sa batas. At kung katarungan ang dapat manaig, hayaan natin ang paglilitis na isulong hanggang dulo.

**Si Duterte ay dapat humarap sa hukuman — hindi dahil siya ay dating pangulo, kundi dahil siya ay tao na dapat managot sa tao. Hindi habag ang dapat manaig, kundi hustisya.**

**Genré Editorial Board**
**A. Y. 2025-2026**
**Second Semester**

**Editor in Chief:** Ashee Herdellayne Duazo I **Associate Editor:** Hannalie Balingay & Ara Bella Agnes I **Managing Editors:** Grachelle Anne Reyes, Jazcentael Solano I **Circulations Manager & DevCom Editor:** Elisha Adelante I **Broadcasting Director:** Rayzel Ann Padilla I **Art Director:** Rosette Ramos I **Multimedia Directors:** Ken Mark Torres & Owen Fabia I **News Editor:** Neil Castaneda I **Feature Editor:** Kristine Fajardo I **Literary Editor:** Elaisa Ena Sales I **Opinion Editor:** Anika Valino I **Sports Editor:** Frolan Cantor I **Senior Layout Artists:** Cristine Jayne Marcelo, Dacey Edeline Tagles I **Senior Staff Writers:** Christian Vidad, Angel Jomery Ramos I **Senior Photojournalists:** Jezreel Antat, Dan Enero, Charles Pasamonte I **Senior Layout Cartoonists:** Cristine Jane Marcelo, John Michael Ramos I **Junior Staffers:** Jenicka Hermano, Mariane Custodio, Nathaniel Capiral, Xyrus Wilmar Galang, Zyleen Caisip, Phenelopee Agulan, Venice Pabualan, Kayechelle Cariaga, Julia Bautisa, Trixia Nhichole Agarin, Clark Alonzo, Julia Azalea Meneses I **Technical Adviser:** Aloha S. Balbuena

Volume XXVIII
Issue No`. 2

# Nasaan si Gov... UMALIs???

Isinulat ni Alleanna Mesina
Iginuhit ni Rosette Ramos

Nagulantang ang Nueva Ecija nang patawan ng Office of the Ombudsman (OMB) si Governor Aurelio Umali ng suspensiyon dahil sa pag-isyu ng 205 quarry permits nang walang kaukulang Environmental Compliance Certificate (ECC) mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Isa itong seryosong paglabag na simbolo ng kapabayaan sa tungkulin, na nagresulta sa paglabag sa mga regulasyon para sa kalikasan at karapatan ng mga mamamayan na mabuhay sa isang malinis at ligtas na kapaligiran.

Base sa OMB, napatunayang lumabag si Umali sa grave misconduct , gross neglect of duty , at conduct prejudicial to the interest of the service . Ang suspensiyong ito ay hindi lamang usapin ng legalidad kundi nagbibigay-diin sa mas malawak na isyu ng human rights , partikular na ang karapatan ng mga tao sa kalikasan at kapakanan.

Madalas nating tingnan ang human rights bilang mga paglabag na direktang gawa sa katawan—tortyur, extrajudicial killing, o abuso ng kapulisan. Ngunit ang karapatang pantao ay mas malawak. Kasama na rito ang mga karapatan sa ligtas na kapaligiran, karapatan sa kabuhayan, at karapatan sa proteksyon mula sa pinsalang maaaring dulot ng kapabayaan ng mga nasa kapangyarihan.

Kapag may quarrying na ginagawa nang walang tamang pagsusuri ng DENR, mataas ang panganib ng pagbaha, pagguho ng lupa, at pagkasira ng kabuhayan ng mga komunidad—at lahat ng ito ay porma ng structural human rights violation. At Dahil sa pamamalakad ng illegal quarrying na ipinapatay kay Umali ay maraming karapatan ang nawawala sa mamamayan ng Nueva ecija.


Sa isang banda, iginigiit ni Umali na "politically motivated" ang kaso laban sa kanya. Mahalaga ring kilalanin ang karapatan ng sinumang opisyal sa due process—ang pagkakataong makapagpaliwanag, mag-apela, at ipagtanggol ang sarili laban sa mga paratang. Ngunit sa kabilang banda, may responsibilidad ang bansa na tiyakin na ang mga mamamayan ay hindi nabubuhay sa panganib dahil sa maling pamamalakad. Ang pagsasabing "pampulitika lang ang suspension na ito " ay hindi sapat upang tabunan ang posibilidad na may tunay na kapabayaan na naglagay sa komunidad sa alanganin.

Sa panahon ng mga sakuna tulad ng bagyo, ang presensya ng isang pinuno ay mahalaga upang pamunuan at pangalagaan ang mga mamamayan. Ngunit hangga't nakasuspinde si Gov. Umali, naging palaisipan at biro na lang ng ilan ang kanyang kakayahan sa pagtugon sa pangangailangan ng lalawigan—"Hindi pa ba mag-ssuspend ng klase si gov?" "E si gov 'yung suspend- ed."

Mahalagang tandaan na ang mga desisyon sa gobyerno ay may direktang epekto sa mga karapatan ng mga tao—mula sa kaligtasan, kalusugan, hanggang sa partisIpasyon sa pampublikong buhay. Sa kasong ito, ang kapabayaan sa pagprotekta sa kapaligiran ay may epekto sa karapatan ng mga taga-Nueva Ecija na mabuhay sa loob ng isang malusog na kapaligiran.

May ilan man na nagsasabing may politikal na motibasyon ang suspensiyon, hindi maikakaila na ang integridad sa serbisyo publiko ay kailangang maipakita at mapanatili. Hindi dapat ito maging dahilan para mawalan ng pananagutan ang sino man sa mga namumuno.

***Sa huli, ang usapin ni Gov. Umali ay paalala sa lahat na ang pamumuno ay hindi lamang tungkol sa kapangyarihan kundi higit sa lahat, tungkulin—na protektahan at isulong ang karapatan at kapakanan ng mga tao.***




Genré



neptune

GRACHELLE REYES
Man. Ed. for Finance

## Budget Blues

Kung may isang bagay na paulit-ulit naming nararanasan sa school publication, ito ay ang kabog ng budget approval. Hindi mo akalain, pero sa dami ng forms, signatures, at "received" stamps, parang mas mabilis pang mag-print ng newspaper sa ibang bansa kaysa dito sa atin. At habang hinihintay namin ang pondo, may mga plano na nauurong, creativity na nakokompromiso, at minsan pati morale ng team, naaapektuhan.

Ang delays sa budget ay hindi lang usapin ng physical releases. Habang nakabinbin ang printing allowance, ang issue na dapat lumabas ay naiiwan na sa shelf. Sa coverage naman, may pagkakataong kailangan naming gumastos ng sariling pera para sa pamasahe at pagkain, dahil hindi pa naaprubahan ang allowance para makasama sa school events. Kadalasan naman sa mga photoshoots ay walang budget, kaya napipilitan kaming mag-adjust ng concepts, gumamit ng mas simpleng props, o kaya ay paikliin ang schedule para umakma sa kung anong pondo ang available—hindi dahil gusto naming maging minimalist, kundi dahil limitado ang resources.

Hindi rin secured ang budget sa mga competitions. May mga pagkakataong kailangan na sana naming mag-register o bumili ng materials, pero nakatengga pa rin ang approval sa opisina. Ang resulta: nahuhuli sa schedule, nawawalan ng chance mag-register ng mas maaga o natatanggal ang ilang opportunities na dapat ay parte ng learning experience ng publikasyon. At habang kami ay abala sa pag-follow up, pag-aabono, at paminsang pagpapaliwanag sa adviser, nakakalimutan na namin na...

*Ipagpatuloy sa P9...*




KEN MARK TORRES
Multimedia Director

## Mapanlinlang na Patsada

Hindi naman na sikreto ang kakulangan ng mga silid-aralan sa Wesleyan ngunit hindi lang din dito nagkukulang ang institusyon. Dahil kung maigi nating sisiyasatin, kapos maski ang kapasidad nitong tugunan ang epektibong paglinang ng kaalaman.

Halos apat na taon na ang nakalipas mula nang makabalik ang mga pampubliko at pribadong paaralan sa face-to-face classes matapos ang dalawang taon na modular at virtual learning sanhi ng pandemic. Ito ay naging makabuluhang bahagi sa buhay ng mga estudyante kung saan ang iba ay naging komportable sa sari-sarili nilang mga kwarto habang araw-araw na may paulit-ulit na misyon—matapos ang mga module at dumalo sa mga online classes.

Isa lamang ang Wesleyan University-Philippines (WU-P) sa ilang unibersidad dito sa Cabanatuan City na kasalukuyan pa rin na nagpapatupad ng Hybrid learning (Face-to-Face classes na may halong Synchronous o Asynchronous classes na set-up). Med'yo nakapanghihinayang dahil habang ang ilang pribadong institusyon ay fully-implemented na ang face-to-face classes, ang WU-P ay nanatiling hybrid ang set-up sa malinaw na kadahilanan na halos lahat ng professor ay...

***Ipagpatuloy sa P10...***

# Face card: DECLINES

**Isinulat ni Venice Pabualan**
**Iginuhit ni John Michael Ramos**

Sa bawat paggalaw ng kamay ng orasan at pagpasok ng mga estudyante ay ang paiba-ibang mukha ng mga guwardiya na nagbabantay sa bawat pasukan ng paaralan. Pagbabantay na may layuning kilatising mabuti ang mga mag-aaral base sa kanilang kasuotan, buhok, at laman ng mga bag upang mapanatili ang magkaparehong itsura ng mga mga estudyante at ang seguridad ng pamantasan mula sa kung ano mang pagbabanta.

Ngunit, sa kabila ng mga ipinapatupad na seguridad ng paaralan sa tulong ng mga guwardiya ay patuloy pa rin na nakakatakas ang ilang mga mag-aaral na hindi sumusunod sa tuntunin ng paaralan. Bakit marami pa rin ang nakakapagcross-dress sa unibersidad? Nagiging effective nga ba ang bag security checking kung ang iba naman ay nakakatakas sa ID Tapping at Bag Security Checking?

***May ilang mga estudyante na tila mas napapansin o napupuna, na parang bumabase sila sa itsura. Kapag maganda or tropa ka ng guard ay may automatic pass kana agad kahit nakakalabag ka naman sa ibang security measures ng school.*** Kaya talagang iisang bagay ang maiisip ng lahat—pantay ba talaga ang pagtrato sa bawat mag-aaral?

Isa ito sa mga reklamo na siyang ibinoboses ng ilan sa paaralan—ang hindi magkakamukhang trato ng mga guwardiya sa bawat isa. Na parang may mga piling estudyante na siyang mabubunot upang bawalin at sangilin ukol sa kanilang itsura. Ang ganitong hindi pantay na pagtrato ay ang paglabag sa karapatan ng bawat isa na tratuhin nang may pagkakapantay-pantay at walang diskriminasyon.


Ayon sa prinsipyo ng karapatang pantao, ang bawat indibidwal ay may karapatang tratuhin nang may dignidad at pagkakapantay-pantay. Ibig sabihin, walang sinuman ang pagkakaitan ng respeto dahil sa kasarian, anyo, o pananamit. Ang lahat ay may karapatan na bawalin ng guwardiya nang may maayos na pakikitungo at walang halo ng pamamahiya—hindi lang sa harap ng maraming tao, kundi pati na rin sa pagitan ng bantay at mag-aaral.

Bagama't trabaho ng mga guwardiya ang masinsinang pagtingin sa mga gamit para sa seguridad at kaligtasan ng bawat estudyante at pati na rin ng pamantasan, maaari itong gawin nang may galang, ngiti sa mukha, at mahinahong pakikitungo kahit na bata ang nagbabalak pumasok. Bilang karagdagan, ***ang tiyak na pagtingin at inspeksyon sa mga gamit ng bawat mag-aaral ay wala dapat pinapanigan.*** Hindi sa panlabas na anyo ng isang mag-aaral dapat bumabase ang mga guwardiya, bagkus sa kanilang tungkulin sa paaralan—nang walang pinapanigan at pinagkakainitan.

Isa sa madalas na isyu ng unibersidad ay ang mga pananakot tungkol sa mga bombang nakaplanta sa kapaligiran ng paaralan.

***Ang isang masinsinang pagtingin ng mga guwardiya sa gamit ng lahat ng mag-aaral o taong pumapasok sa pamantasan ay hindi magreresulta ng ganitong balita na siyang magbibigay ng takot sa bawat isa.***

Dahil sa paulit-ulit na pananakot sa mga mag-aaral ng unibersidad ang kumakalat sa internet, ilan




sa mga estudyante ang nagsasabing 'trip-trip na lang' ang pagtingin ng ilang guwardiya dahil sa hina ng seguridad ng paaralan mula sa mga bomb threat. Kaya naman sa bawat isang gamit na hindi binubuksan at tinitingnan ay isang estudyante na nakakaranas ng hindi pantay na pagtrato at diskriminasyon, kabilang dito ang kawalan ng kaligtasan ng pamantasan.

***Sa huli, ang seguridad ng paaralan ay hindi lamang nababase sa kung ano ang mga bagay na pumapasok sa paaralan, kundi pati na rin sa kung paano makipag-ugnayan ang mga opisyal ng pamantasan, dahil hindi lamang dapat na maging ligtas ang paaralan—dapat din itong maging makatao at puno ng respeto.***

***Budget Blues...*** ang oras at effort na iyon ay dapat nakatuon sa content—sa stories, layouts, at creative output. Ang ideya ng school publication ay hindi lang maglabas ng papel; ito ay platform para sa boses ng estudyante. Ngunit paano maipapahayag ang boses kung ang mismong pondo na sumusuporta sa proseso ay nagiging bottleneck?
Hindi ito simpleng biro. Ang bawat delay ay may epekto sa kalidad ng output, sa engagement ng readers, at sa morale ng buong publikasyon. Ang solusyon?

Mas malinaw at mabilis na proseso ng budget approval, transparency sa kung sino at saan nakatengga ang pondo, at higit sa lahat; isang sistema na tunay na sumusuporta sa creativity ng estudyante at hindi nakakasakal dito.

***Sa huli, ang "budget blues" ay hindi lamang tungkol sa pera. Ito ay kwento ng pasensya, improvisation, at pag-asa na balang araw, ang mga estudyante ay makakagawa ng kanilang pinakamahusay na gawa nang hindi nakasalalay sa mabagal na sistema.***

Volume XXVIII
Issue No`. 2

***Mapanlinlang na patsada...*** dinadahilan ang kakulangan ng classrooms.

Mayroong dalawang posibleng problema ang isang institusyon bago pa man mangyari ang pandemic; maaring kakulangan ng silid o masyadong marami ang estudyante sa isang classroom. Layunin ng mga paaralan ang matugunan kahit man lang ang mga pangunahing pangangailangan ng mga estudyante, subalit may ilang institusyon na hindi naabot ang pamantayan dahil sa mga demand o ibang layunin nito. Isang halimbawa na rito ay kung paano hinaharap ng ating institusyon ang pangangailangan ng aircon sa mga silid-aralan dahil sa palyadong bentilasyon na nagdudulot ng pagkabahala sa comfort ng mga estudyante habang nag-aaral.


Dahil sa mga pangangailangang ito, inuuna ng administrasyon ang pagbili ng mga transformer upang matugunan ang kapasidad para sa sapat na bilang ng aircon, na siyang dahilan kung bakit napapabayaan ang bilang ng mga silid-aralan na kinakailangan para sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga estudyante, kabilang na rin ang kalidad ng mga silid-aralan at laboratory.

Ayon sa University Admin, tinatayang mayroong 7,000 enrolled student ang ating unibersidad nitong nakaraang semestre para sa Academic Year 2025–2026. Bagaman medyo maliit ang bilang ng mga estudyante kung ikukumpara sa mga state universities sa Nueva Ecija, para sa isang pribadong institusyon na may limitadong silid-aralan at laboratoryo, hindi nagiging sapat ang mga pasilidad upang matugunan ang pangangailangan sa edukasyon ng bawat estudyante.

Bilang isang Psychology student sa Wesleyan sa loob ng halos tatlong taon—ang aming departamento ay may iisang opisyal na silid lamang na nagsisilbing classroom, laboratory, at opisina. Sa totoo lang, wala naman talagang gaanong pakialam ang iba rito. dahil nasanay nalang talaga simula day one. At sino ang mag-aakala na kayang magkasya ang 42 college students sa isang silid-aralan? Hindi ito haka-haka o reklamo, ito ang realidad na paniguradong halos lahat ng Psychology students ng WU-P ang makapagpapatunay. Ngunit kamakailan...

***Ipagpatuloy sa susunod na pahina...***

*Genré*




# Hindi Ulan ang KALABAN

**Isinulat ni Anika Valino**
**Iginuhit ni Xyrus Galang**

Kasabay ng walang tigil na pagbuhos ng ulan ay ang buntog-hininga ng buong sambayanan. Mga buntong-hininga na hindi dahil sa lamig ng panahon, kundi dahil sa takot at pangamba na baka sa pagkakataong ito, muli na namang bahain ng kapabayaan at pagkakaisa ng isang administrasyong abala lamang sa kanilang sariling kapakinabangan.

**Sa nakalipas na mga taon, bilyun-bilyong piso ang nailaan para sa mga "flood control projects" sa Pilipinas. Ayon sa ulat ng Department of Finance (DOF), maaaring umabot ng higit kumulang 118.5 na bilyong pondo ang nawawala sa ating bansa dahil sa katiwalian sa mga ghost projects, upang sana'y kontrolin at solusyonan ang malawakang pagbaha mula taong 2023 hanggang taong kasalukuyan.**

Sa kabila nito, ang mga lumalaganap na isyu hinggil sa mga "flood control projects" na ito sa Pilipinas ay hindi lamang isang simpleng usapin ng imprastraktuka, kontraktor, at pera. Ito ay isang malalim na isyung tumatalakay sa karapatang pantao ng bawat Pilipino, silang may karapatang mabuhay ng ligtas, marangal, at may gobyernong tunay na nagmamalasakit sa kabila ng bawat unos.

Patunay na rito ang trahedyang sinapit ni Christina Padora, isang health worker mula sa Bulacan, na noong Hulyo ay tumawid sa bahang hanggang baywang upang silipin ang mga bakuna at gamot na nakaimbak sa kanilang klinika–isang gawain na karaniwan na niyang ginagawa tuwing panahon ng bagyo. Ngunit sa pagkakataong ito, si Christina ay hindi nakarating sa kaniyang paroroonan, nang mahawakan nito ang isang metal na posteng hindi niya akalaing konektado sa isang live wire. Ang pangyayaring ito ang nagsanhi ng kaniyang pagkakuryente sa tubig at maging ang kaniyang kamatayan.

Dagdag pa rito, ramdam ng mga magsasaka at mga residente sa baybaying-dagat ang matinding galit sa malawakang katiwalian na bumabalot sa mga proyekto ng ghost o substandard na flood control works na sana'y magpoprotekta sa kanilang mga lupain laban sa pagtaas ng tubig, ngunit ngayon ay siya mismong dahilan ng pag-agaw at pagkalubog ng kanilang mga sakahan.

Higit pa rito, ang labis na pagtutok ng Department of Public Works and Highways (DPWH) sa mga flood control projects ay nagsanhi rin ng malawakang kapabayaan at kapalpakan sa ibang pangunahing pangangailangan ng mamamayan, isa na rito ang edukasyon. Ayon kay DPWH Secretary Vince Dizon, humigit-kumulang 22 silid-aralan o 15.34% pa lamang ng mga proyekto sa ilalim ng 2025 Basic Education Facilities Fund ang natatapos ngayong taon. Isang patunay ito ng mabagal na pagpapatupad ng mahahalagang programa at mabilis na pagwawaldas ng pera ng bayan, na higit na nagpapahirap sa karaniwang Pilipinong umaasa sa maayos na serbisyong pampubliko.

Sa huli, ang isyu ng flood control projects ay hindi lamang sumasalamin sa bilyong pisong harap-harapang winawaldas ng administrasyon, kundi sumasalamin rin sa patuloy na pagsasawalang-bahala sa bawat buntong-hininga ng mga manggagagawa, magsasaka, mag-aaral, at ng buong sambayanan laban sa kanilang tunay na karapatan.

**Ang bawat proyektong ito na pinondohan ngunit napuno ng katiwalian ay isang simbolo ng bulok na pagkilos ng mga naghaharian, patotoo na hindi ulan ang kalaban, ngunit ang isang sistemang matagal nang hindi masolusyonan dulot ng korapsyon at kapabayaan.**

# Oh Multo aking Tukso

**Isinulat nina Nathan Capiral & Alleana Mesina** **Iginuhit ni Rosette Ramos**

Gumising, magsipilyo, magbihis, byumahe, magtrabaho mula 9-5, umuwi, at ulitin—isang siklo ng modernong pagkaalipin.




Mula pa noong ipanganak tayo, naturuan tayong mag-aral nang halos buong buhay natin, magtrabaho hanggang sa pagtanda—isang kumpol ng kakaibang pangarap sa modernong panahon. Kasama ng ating bulok na gobyerno at pribilehiyo batay sa katayuan sa lipunan, ang isang karaniwang manggagawa na ang sahod ay hindi sapat kahit na pambayad ng upa ay nakararanas ng habambuhay na pakikibaka at paghihirap araw-araw—ang biyahe pa lang mismo ay nakakaubos ng lakas hindi lang ng mga manggagawa, kundi ng lahat ng araw-araw na sumasakay.

Habang nagpupuyat ang matapat at masipag na gulugod ng lipunan, ang mga taong ito ay binabagabag ng pinaka-hindi karapat-dapat at nakakasuklam na mga leech na kailanman ay nabuhay sa lakas-paggawa—ang tinatawag na "Ghost Employees". Bagaman "teknikal" pa rin silang bahagi ng lakas-paggawa, hindi lang sila nagpapakita para talagang magtrabaho.

Milyun-milyong piso ang nasasayang para sa kanilang kaginhawaan, habang ang ating mga kababayan ay naghihirap para makabili kahit sapat na pagkain nang hindi kailangang magtipid. Ang mga taong ito—ang mga linta—ay komportableng namumuhay sa kanilang simpleng tahanan, tinatamasa ang kanilang pinakamagandang pamumuhay at luho—malayo sa naghihirap na lipunan, na para bang hindi nila kailanman nalaman na may umiiral na uring manggagawa. Ang milyun-milyong ito ay hindi napupunta sa kamay ng mabuting pamamahala; sa halip, napupunta ang mga ito sa mga taong pinapatakbo ng walang-tigil na kasakiman at pagnanais sa kapangyarihan. Ang mga badyet na inilaan para sa mga tao, ang mga badyet na dapat sana ay ginamit upang mapabuti ang maraming buhay, ang mga badyet na sana ay nakalutas sa maraming problema, ay nagpalaki lamang ng bulsa ng mga sakim na tao.

Matagal nang nauugnay ang "Ghost" sa katiwalian sa mga pampublikong institusyon—mula sa mga ghost project at ghost voter hanggang sa ngayon ay "ghost employees". Pormal na sinibak ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang dalawang dating superbisor na diumano'y nagpalsipika ng mga talaan ng apat na dating empleyado, at permanenteng pinagbawalan sa paghawak ng anumang pampublikong posisyon. Mula sa mismong bangko, sana ay nag-enjoy sila sa anumang ginagawa nila habang tumatagal. May ilang hindi opisyal na kaso mula sa Davao City ng mga taong may malakas na koneksyon na inaalok ng "ghost position". Tandaan mo, binabayaran ng LGU ang mga taong ito para walang gawin.

Ang ating bansa ay natatakpan ng mga kumukulong isyu na sapat para matunaw ang isang palayok, at ang gobyerno ay nagbubulag-bulagan—na para bang hindi naman sila kailanman nagpakita ng pagmamalasakit.

**Ang mga tao ay lumalaban nang patas para sa kanilang sariling kinabukasan—kung wala ang kanilang pagsusumikap, titigil ang bansang ito sa paggana bilang isang buo. Palayasin ang mga multong ito! At bigyan ng puwang ang tunay na mga empleyado—hayaan na lang umiyak sa pera ang mga sakim na walang kwenta. Buksan ang daan para sa mga tunay na nagtratrabaho, at bigyan sila ng respeto at suportang kailangan nila.**

## *Mapanlinlang na patsada..*

lamang, ibinigay na ang Speech Lab sa departamento ng sikolohiya bilang karagdagang silid na may sapat na espasyo sa dumadaming bilang ng psych students ng Wesleyan.

Huwag lamang tumingin sa paligid ng unibersidad, kundi busisiin din ang mga silid-aralan at doon mo makikita ang problema. Magtanong kung ano ang mga balakid nila tuwing oras ng klase; ano ang ambiance; pakiramdam ba nila ay sila'y nasa pribadong paaralan? Sa totoo lang, duda ako na makaririnig ka ng positibong feedback mula sa mga freshmen students. Oo, kung ikukumpara ang nakaraang estado ng institusyon sa kasalukuyan, walang duda na may mga pag-unlad pagdating sa imprastruktura, gaya ng mga pocket gardens, university cafe, at mga palikuran na kasalukuyang isinasailalim sa rehabilitasyon.

Sa katunayan, ang mga bagong classroom para sa Nursing students ay kasalukuyang itinatayo simula pa noong nakaraang semestre. Dito rin umuusbong ang ilang katanungan tulad ng "May favoritism ba ang Wesleyan?" dahil para bang star section ang College of Nursing, na para bang sila ang Teddie ng Four sisters and a wedding, na para bang priority at VIP ang turing kumapra sa ibang kolehiyo na malinaw naman na nangangailangan din ng sapat na atensyon para punan ang kakulangan sa bawat departamento.

Gayunpaman, nararapat na magkaroon ng intervention upang matugunan kahit man lang ang mga pangunahing pangangailangan ng mga estudyanteng naguguluhan kung saan napupunta ang kanilang matrikula. Sa kabila ng magkakasunod na pagkilala na natanggap ng institusyon sa national and international levels, dapat pa ring pagtuunan ng unibersidad ang panloob na aspeto na kailangan ng bawat Wesleyanian pagdating sa edukasyon—pati na rin ang comfort na nararapat maramdaman ng bawat estudyante habang nag-aaral.

Hindi natatapos dito ang ilang katanungan kung paano hinaharap ng unibersidad ang ilang problema sa iba pang departamento na patuloy na nakararanas ng hindi kanais-nais na espasyo sa pag-aaral—tandaan na ito ay isang pribadong institusyon kung saan ang mga estudyante at maging ang mga scholar ay nagbabayad ng matrikula para sa mga pangunahing pangangailangan gaya ng disenteng silid-aralan.

**Hindi dapat makuntento ang mga estudyante sa bare minimum education, dahil ang imahe ng isang umuunlad na institusyon ay hindi nasusukat sa kung paano ito nakikita ng mga tao sa labas ng unibersidad, kundi sa pag-unlad ng mga taong nasa loob ng institusyon na tunay na kumakatawan sa tunay nitong halaga.**

Volume XXVIII
Issue No. 2

# Isang Libo, Isang Linggo

**Isinulat ni Ara Bella Agnes**

Tuwing naglalakad tayo sa campus, makikita natin ang sari-saring mukha ng kabataan; may masiglang tumatawa, abalang nagbabasa, at sabay-sabay dumadagsa sa klase. Sa mata ng nakararami, ang buhay-kolehiyo ay puno ng bagong posibilidad. Ngunit sa likod ng mga ngiting iyon—may mga kuwento ng pagtitiis na hindi sumisigaw at hindi humihingi ng atensyon—tulad ng isang estudyanteng tatawagin natin sa ngalang Kim, isang Political Science major ng Wesleyan University–Philippines.



Alas-siyete ang unang laban ni Kim: ang paulit-ulit na alarm na gumugising sa kaniya sa maliit na apartment na pinaghahati-hatian nila ng apat pang tenant. Tubong Gabaldon siya, at mas pinili ang pag-aapartment kaysa commute. Praktikal. Mas matipid. Mas mabilis.

"Mas convenient… plus inaya din ako ng kaibigan ko," wika niya.

Sa halip na hotdog, tapsilog, o kapeng may partner na pandesal, isang tinapay at isang basong gatas lang ang karaniwang bumubusog sa kanya tuwing umaga. Sapat na raw iyon para umabot hanggang tanghali. At kapag lunch break na, isang order ng ulam sa karinderya ang pinagkakasya na niya minsan hanggang hapunan—sinamahan ng kanin na siya mismo ang nagluluto.

Bakit? Dahil sa isang linggong budget niyang ₱1,000.

Sa halagang iyon nanggagaling ang pamasahe, pagkain, miryenda, pambili ng requirements, at kung ano-ano pa. Bago pa magsimula ang linggo, alam na niya kung saan mapupunta ang bawat pisong iyon. Kapag kinapos, tulog ang nagiging panangga sa kumakalam na sikmura.

Ang kita ng kanilang munting rolling food cart ang bumubuhay sa buong pamilya—tinanghalian ng magulang niyang naglalako malapit sa mga eskwelahan. Sampung libong kita kada linggo. Sa papel, parang sapat. Sa realidad, kulang na kulang para sa limang bibig, bayarin, at gastusin.

Kaya't sa unibersidad, hindi lang aralin ang bitbit ni Kim. Kasama niya araw-araw ang bigat ng tanong: "Saan kami kukuha ng pambayad bukas?"

"Naapektuhan talaga 'yung academic performance ko… kapag may financial problems, hindi stable 'yung utak ko. Mahirap mag-focus kapag puno ng worries," pagbabahagi niya.

Hindi lang libro ang binubuhat niya—pati bigat ng responsibilidad.

May mga araw na gusto na raw niyang sumuko. Pero sa tuwing nauupos ang lakas niya, hinahawakan niya ang sarili at kumakapit sa pinakamahalagang prinsipyo niya:

"Kumalma. Kasi kahit papano, napaparaanan naman. Iniiwasan ko maging negative. Ang dami ko nang napagdaanang ganito—nalagpasan ko rin."

Minsan, sapat nang paalala ang sariling boses para hindi bumigay.
Minsan, sapat na ang pangarap para hindi tumigil.

Para kay Kim, ang petsa de peligro ay hindi lang simpleng kakulangan sa pera. Isa itong pagsubok na humuhubog sa tibay ng loob, pagkamalikhain, at malasakit sa pamilya. Dito niya natutunan ang disiplina, tiyaga, at tunay na halaga ng bawat sentimo.

"Hindi sa lahat ng pagkakataon maginhawa," sabi niya. "Kaya natuto akong mag-budget, magtiyaga, at lumaban."

Ang kuwento ni Kim ay salamin ng libo-libong kabataang lumalaban sa araw-araw na unos. Hindi man sila nakikita, hindi man nila isinisigaw ang paghihirap, dala nila ang lakas ng loob na nagiging sandata tungo sa pangarap.

**Sa bawat petsa de peligro, may kabataang humahakbang pa rin. May pusong kumakapit. May pangarap na hindi napipigilan ng gutom, takot, o pagod.**

At sa dulo, may bukas na unti-unting lumiliwanag—hindi dahil sa kayamanan, kundi dahil sa sipag, tiyaga, at tapang ng mga tulad ni Kim.

**Iginuhit ni Rosette Ramos**

# KAPAgod magsuot ng Kapa

**Isinulat ni Ara Bella Agnes**

Sa likod ng mga ngiti at makapang-sindak na tindig ng ating mga lider-estudyante, bakas sa kanilang mga mata ang hirap at pagod na gabi-gabi nilang tinatahak. Darating ang araw na mahuhulog ang kapa sa kanilang balikat—hindi dahil sa kahinaan, kundi dahil sila man ay nangangailangan ng pahinga. Ngunit sa huli, muli at muli silang titindig para sa sinumpaang tungkulin.

Ito ang mga salitang sumasalamin sa tunay na buhay ng mga lider-estudyante—mga kabataang pilit tinataguyod ang lahat ng gawain para sa paaralan at kapwa mag-aaral. Tulad ng ibang estudyante, ibinahagi ni Mark Angelo D. Santiago, Presidente ng Supreme Student Council, ang kaniyang mga karanasan at paraang nagpapanatili sa kaniyang pagiging lider.

**"Ang pagpasok sa student leadership ay hindi biro. It can be one of the most stressful things a student can experience, pero at the same time, isa rin ito sa pinaka-fulfilling na mararanasan mo," ani Mark. Totoo nga—sa bawat bigat at responsibilidad na nakaumang sa balikat ng isang estudyante, kalakip nito ang saya, tagumpay, at mga aral na naghihintay sa dulo.**

"Nahahandle ko ang responsibilities ko sa academics at sa organizations through proper prioritization. Acad-centric talaga ako, kaya mas nabibigyan ko ng focus ang mga major subjects. Pero hindi ibig sabihin noon na napapabayaan ko ang org—when I work, I work. I make sure to give my best and deliver quality results, kahit gaano pa kabusy," dagdag niya. Ma-lider man o hindi, alam ng bawat estudyante kung gaano kabigat ang responsibilidad; para kay Mark, ang susi ay maayos na pag-oorganisa at matibay na pagtindig sa tungkulin.

Hindi hadlang sa pag-aaral ang pagiging lider-estudyante—sa katunayan, isa itong stepping stone. Para kay Mark, isa itong tunay na fulfillment. "Despite all the stress and challenges, ni isang beses ay hindi ko pinagsisihan ang pagpasok sa pagiging lider. Ang dami mong matututunan, at higit sa lahat, ang dami mong makikilala na hindi mo aakalain na magbabago ng pananaw at pagkatao mo. And one last thing: learn to love the journey—kasi doon mo talaga mararamdaman kung bakit worth it maging leader, lalo na kapag 'yung mga traumatic and stressful experiences turn to memories you guys laugh about." Sa bawat salitang binitawan niya, ramdam ang saya at pride sa mga gawaing pinaghirapan niya.

Sa likod naman ng pagod at hirap, may kaniya-kaniya rin tayong paraan upang kayanin ang bigat ng araw-araw. "Ang coping mechanism ko ay very common lang din. I play, I watch, and I hang out with people who carry the same burden," kwento ni Mark. Ito ang nagsilbing pahinga at sandigan niya kapag siya ay nalulunod sa gawain at presyon. Anuman ang bigat ng sitwasyong kaniyang kaharapin, nakakaya niya ito dahil sa tiyaga, disiplina, at dedikasyon sa pagiging lider-estudyante.

Sa huli, iniwan ni Mark ang isang katagang dapat pagbulayan ng bawat mag-aaral: "The key is really to maintain that balance between work and leisure." Para sa kaniya, walang tagumpay ang lahat ng hirap at bigat ng tungkulin kung hindi ka titindig para sa iyong sinumpaang pangako—at hindi mo pagtitibayin ang sarili mo. Maging aral ito sa lahat: magkaugnay ang hirap at saya. Kung walang hirap, walang saysay ang tagumpay. Disiplina at paninindigan ang magsisilbing gabay upang manatiling matatag sa landas ng pagiging isang tunay na lider.




**Iginuhit ni Rosette Ramos**

*Genré*

# MUNTING BAGAY, MALALAKING ALAALA

Isinulat ni Kristine Faith Fajardo

Larawang kuha ni Owen Fabia

Sa bawat bulsa, sa bawat bag, sa bawat sulok na tila walang pumapansin, nakatago ang isang lihim na uniberso—isang munting museo ng buhay na binubuo ng mga anik-anik: mga bagay na maliit, payak, at kadalasan ay hindi naiintindihan ng iba.

Pero sa mga taong nag-iipon nito, ang bawat piraso ay isang pintong nagbubukas sa alaala—mga sandaling hindi na maibabalik, mga taong minsan nating minahal, at mga bahaging minsan ay naging tayo.

Hindi nagsisimula ang kwento ng isang kolektor sa isang malakas na sigaw, kundi sa isang marahang pag-akit. Minsan, nagsisimula ito sa paghanga sa mga dekorasyon sa bag ng iba; minsan naman sa mga laruan mula sa fast-food, mga phone charm na kumakalansing, o mga lumang papel na isinilid sa kahon "para maalala lang minsan." Dahan-dahang tumutubo ang pagmamahal na ito—hindi minamadali, hindi planado, kundi parang alon na umiikot at bumabalik sa pampang ng puso.

May isang kuwento tungkol sa isang simpleng bilog na pin—laminated lang, mura lang, pero naging kanlungan sa mga araw na hindi umayon ang mundo. Nabuo ang alaala nito sa isang biyahe na puno sana ng saya ngunit nauwi sa pagkadismaya. Hanggang sa isang maliit na tindahang napuntahan nang hindi inaasahan, may munting mukha ng paboritong karakter na kumislap mula sa display.

Isang maliit na bagay, oo—pero para sa may hawak nito, sapat para ipaalala: kahit sablay ang araw, may maganda pa ring naghihintay sa dulo.

May iba namang ang pinakamatamis at pinakamasakit na alaala ay nakapinta sa mga batong kulay abo. Mga batong minsang proyekto lang sa klase, ngunit muling pinintahan ng mga kaibigang kailangang iwanan. Bawat bato may simbolo ng tawanan, ng pagtatampuhan, ng huling sulyap bago lumipad ang eroplano palayo sa tahanan. At hanggang ngayon, nakahilera pa rin silang tahimik sa isang sulok ng kwarto—hindi bilang bato, kundi bilang mga oras na minsan ay naging buo ang mundo.

At may bracelet—isang payak na piraso mula sa simbahan, ibinigay ng isang taong hindi na babalik. Bracelet na nawala rin sa apoy, kasama ang isang bahagi ng nakaraan. Pero kahit naglaho ang mismong bagay, ang simula nito ang nagpausbong ng koleksiyon. Sa bawat bracelet na isinusuot ngayon, may pakiramdam na parang may kamay na humahawak sa pulso—paalala ng mga taong kumakapit sa atin kahit wala na sila sa tabi.

**Sa mga mata ng iba, anik-anik ay "kalat," "basura," "walang kwenta."**

**Pero sa mga mata ng mga nag-iingat nito, ang mga ito'y mga piraso ng kaluluwa.**

**Ang bawat sticker, seashell, keychain, bracelet, o lumang papel ay hindi basta bagay.**
**Ito'y anchor—humahawak sa atin kapag mabilis ang takbo ng mundo.**
**Ito'y memorya—nagpapaalala kung sino tayo bago tayo nagbago.**
**Ito'y tahanan—kahit maliit, sapat nang paglagyan ng mga damdamin na ayaw nating mawala.**

At sa pagdaan ng panahon, ang koleksyon ay nagiging larawan ng sarili. Para sa iba, magulo siya—masyadong makulay, masyadong marami, masyadong kung anu-ano. Pero para sa may-ari, ito ang mismong k'wento ng kanilang pagkatao: kung ano ang pinahalagahan nila, sino ang minahal nila, ano ang nagbigay saya sa kanila noong mga panahong iyon.

**Ito ang tunay na diwa ng pagiging anik-anik collector:**

**ang marunong makakita ng kahulugan sa pinakamaliit na bagay.**
**Ang marunong magpahalaga sa tahimik na sandaling hindi napansin ng mundo.**
**Ang marunong magsabing—**
**Hindi mahalaga ang presyo. Ang mahalaga ay ang kwento.**

At sa huli, sa gitna ng ingay ng buhay estudyante, sa gitna ng deadlines at quizzes at habulan sa oras, may isang katahimikan na tanging munting bagay lang ang kayang dalhin: ang alaala ng panahong minsan tayong naging masaya, minsan tayong hindi nag-iisa, at minsan tayong buo.
Sa isang seashell, sa isang bato, sa isang bracelet, sa isang lumang pin—nakatira ang buhay na hindi na mauulit, pero laging maaaring balikan.

**At doon, sa pinaka-munting detalye, nagtatago ang pinaka-malaking mundo.**



Volume XXVIII
Issue No. 2

# Hiraya Manawari:

## Buhay Topnotcher ni Amia Bautista

**Isinulat ni Ara Bella Agnes**

**Sabi nila, kaniya-kaniya raw ng oras at pagkakataon ang mga tao sa pagtupad ng kanilang pangarap. Para sa iba, diretso lang ang daan patungo sa inaasam. Ngunit para sa nakararami, naliligaw muna sila sa ibang landas bago marating ang dapat tahakin. Habang naglalakbay—napapagod, nagsasawa, at minsan pa nga'y gustong sumuko. Kadalasan, pumipili sila ng isa sa tatlo: tumigil, lumihis, o magpahinga. Pero may iilan na matatag at buo ang loob na pipiliing sumugal at magpatuloy.**

Para kay Amia Franchezka Bautista, na nag-top 9 sa PNLE (Philippine Nursing Licensure Examination) noong Nobyembre 2024, ganito rin ang naging takbo ng buhay niya matapos pumasa. Kasabay ng saya ay dumating ang matinding pressure mula sa resulta ng board exam. Dagdag pa niya, naramdaman niyang "left behind" siya habang nagtatrabaho bilang part-time professor sa College of Nursing sa Wesleyan University-Philippines at lecturer sa isang review center, kasabay ng pag-re-review niya para sa isa pang lisensiya—habang ang mga kabatch niya ay nagsimula nang magtrabaho sa ospital.

"I felt [more] pressure after passing the boards compared to when I was preparing for the review… because people have high expectations sa akin. Not just because I passed but because nga may title (Top 9). Mas lumakas pa 'yung pressure when I decided not to work in a hospital right away kasi I chose to prioritize my review for qualifying exams abroad para makakuha pa ako ng isa pang license… And my colleagues, nakikita ko sila na nag-start agad sa hospital. So that made me feel a little bit left behind at times," paliwanag ni Bautista.

Dagdag pa niya, malaki rin ang responsibilidad na kaakibat ng pagiging topnotcher. Nariyan ang pressure at inaasahan ng mga taong nakapaligid sa kaniya, at sa isang banda, tila nagsilbi rin siyang modelo na tinitingala ng iba. Ngunit ayon sa kaniya, hindi dapat tingnan bilang titulo ang pagiging topnotcher—isa lamang itong "bonus."

"Alam ng buong school or ng buong bayan niyo, ng buong Philippines, na nag-top ka. It comes with a certain level of influence talaga and expectations… It comes with a great sense of responsibility. Expected nila na i-hold mo 'yung professionalism, 'yung pagiging competent, at 'yung integridad… Because people will look up to you whether you like it or not… Pero 'yung pagiging topnotcher, bonus na 'yon. It's just a reminder of your hard work—parang concrete mo lang na nahawakan 'yung mga sacrifices mo. So reminder lang siya sa akin na ginawa ko 'yung best ko."

Ngunit hindi pinagsisihan ni Bautista ang mga desisyong ito. Bagama't maraming pintuan ang nagbukas at oportunidad ang lumapit, para sa kaniya, isa pa ito sa mga "best decisions" na nagawa niya. Nakaramdam man siya ng mga negatibong emosyon, mas nangibabaw pa rin ang pag-asa niya at ang pananatiling totoo sa tunay niyang pangarap. Ito ang paulit-ulit niyang inaalala sa araw-araw at sa mga bagay na ginagawa niya ngayon at gagawin pa.

"I'm not gonna lie, madami talaga nagopen na doors after I passed the boards. Isa na doon 'yung pagiging part-time professor ko sa university natin—that was my first job… I am also a national lecturer while reviewing for the NCLEX, and looking back, it was truly one of the best decisions that I have made… It allowed me to grow… Sa ngayon, naka-align pa rin siya sa long-term goals ko, which is maybe to work as a nurse not only here but also abroad."

Sa kabilang banda, matibay at malakas naman ang pundasyon ni Bautista. Mabait siya sa kaniyang sarili at pinapaalala niyang lahat ng bagay ay may dahilan. Lahat ng tao ay may kaniya-kaniyang oras at punto ng tagumpay. Para sa kaniya, "pressure is a privilege"—at lahat ng nararanasan niya ngayon ay bunga ng kaniyang husay at pagsisikap, bagay na hindi dapat ikahiya o ikalungkot.

"Pressure is a privilege… Kapag naraaramdaman mo na 'yung pressure, it can motivate you and push you to grow. 'Wag mo i-compare 'yung sarili mo sa ibang tao kasi magkakaiba tayo ng time. So just compare yourself kung ano ka kahapon—diyan mo makikita kung nag-improve ka ba o hindi. 'Wag mong i-match ang timeline mo sa achievements ng iba kasi different paces tayo, alam natin 'yan. Focus ka lang kung ano talaga 'yung gusto mo, kung ano 'yung kaya mong i-control, at kung ano ang naka-align sa long-term goal mo. Stay committed, stay consistent, and stay kind to yourself," sambit niya bilang payo sa mga estudyante.

Sa realidad ng buhay, hindi tayo pantay-pantay. Marami ang baon sa hirap habang ang iba ay ipinanganak sa ginhawa—ngunit hindi rito nasusukat ang magiging takbo ng buhay. Ang tiyak lamang ay iisang hangarin ng bawat tao: ang magtagumpay, makaahon, at maabot ang pangarap. Ang gabi-gabing pagdarasal at tahimik na panalangin na sana matupad—sana mangyari. Hiraya Manawari: nawa'y maabot din ng lahat ang kanilang inaasam, sa tamang oras, panahon, at pagkakataon.




**Iginuhit ni Rosette Ramos**

*Genré*

# SA LIKOD NG UNIPORME

Isinulat ni Rayzell Padilla

Sa ilalim ng matinding sikat ng araw, bawat patak ng pawis sa likod, bawat hakbang na sabay-sabay, at bawat paa na puno ng kalyo at pasmado—naroroon sila: ang mga estudyanteng sundalo ng Wesleyan University–Philippines. Sa mata ng nakararami; tila musika ang tunog ng tambol, utos, at hakbang na sabay-sabay. Ngunit sa likod ng uniporme at disiplina, may kwento ng pagpupunyagi, pangarap, at pusong handang magling-kod.

Isa sa kanila si C/1Lt Angel Aballa 2CL, mula sa College of Business and Accountancy. Isang taon na siyang kadete, dumaan sa pangunahing pagsasanay, at ngayon ay kabilang na sa mas advanced na ROTC unit—naglalayong maging opisyal ng pamunuan. Hindi naging madali ang bawat hakbang; puno ng kaba, pagod, at matitinding pagsusulit. Ngunit sa kabila nito, pinatunayan niya na ang tapang ay hindi nasusukat sa kasarian.

**“Noong sumali ako sa ROTC, for experience lang talaga. Gusto ko ng thrill,”**

Ang kaniyang paglahok ay bahagi rin ng pangarap ng kanyang ama na noon ay nais maging sundalo ngunit hindi natuloy. Sa bawat unipormeng suot ni Aballa, natutupad ang pangarap ng ama at napakikita ang kan’yang sariling determinasyon.

Tuwing Sabado, habang ang karamihan ay nagpapahinga, naroon si Aballa sa ‘Advance ROTC’—nag-eehersisyo, nag-aaral, at nakikibahagi sa serbisyo. Mahirap, nakakapagod, at minsan nakakaubos ng pasensya. Pero bawat hiyaw ng “Yes, Sir!” ay kasabay ng pagtuturo ng disiplina, pagtitimpi, at respeto—mga aral na hindi basta natututuhan sa loob ng silid-aralan.

Hindi rin naiwasan ang maling akala ng publiko: mayabang, arogante, o walang alam. Ngunit sa halip na tumugon ng sama ng loob, pinapakita ng mga kadete ang tunay na diwa ng serbisyo.

**“Hindi kami mayabang. Kamakailan lang ay bumaha sa Open Court, kaya naglagay kami ng upuan para makadaan ang mga estudyante [para] hindi mabasa ang sapatos at damit,”**

Sa simpleng gawaing iyon, makikita ang espiritu ng “Citizen Army”—handang maglingkod hindi lang sa digmaan, kundi sa pang-araw-araw na sitwasyon.

Ang pagiging kadete ay higit pa sa lakas at pisikal na tibay. Dala nito ang core values ng WU-P: malasakit, pagkakaisa, pananagutan, espiritwalidad, at husay. Kasama rin dito ang respeto sa bawat nakakasalubong. Sa ROTC, hindi lang ang katawan ang pinapatatalas—pati isip, karakter, at kakayahan sa pamumuno ay hinuhubog.

“Sa ROTC, hindi lang physical task ang pokus. Sinasanay din kami sa talas ng pag-iisip at pagiging mahusay na lider,” ani Aballa.
Ang disiplina ay makikita rin sa maliliit na detalye: malinis na uniporme, presentable na katawan, at kaayaayang kilos sa bawat pagkakataon. Ang bawat pawis, hakbang, at saludo ay simbolo ng prinsipyo, paninindigan, at panata sa bayan.

Sa bawat araw ng pagsasanay at serbisyo, mas lumalalim ang samahan at pagkakaibigan ng mga kadete. Natutunan nila na ang tunay na tapang ay hindi nasusukat sa lakas, kundi sa kakayahang bumangon sa pagkadapa at magsilbi nang may malasakit.

Sa ilalim ng araw na muling sisikat, ang hakbang ng mga kadete ay patuloy—matatag, disiplinado, at may pusong tunay na handang maglingkod. Sa likod ng bawat uniporme ay kwento ng dedikasyon, sakripisyo, at pangarap na higit pa sa sarili. pangarap. Ang gabi-gabing pagdarasal at tahimik na panalangin na sana matupad—sana mangyari.

***“Ako si C/1Lt Angel Aballa 2CL, hindi lamang basta kadete—kun’di isang kadeteng may prinsipyo, paninindigan, at pananagutan.”***



Volume XXVIII
Issue No. 2

Devcom

# BASURA NG KARAMIHAN BUNDOK NG KABUHAYAN

Isinulat ni Phenelope Agulan  Larawang kuha ni Nathan Capiral

*"Ang tunay na kaunlaran ay hindi nasusukat sa rami ng proyekto o programang ipinapatupad. Makikita ito sa kanabukasang hindi na bumabalik sa parehong siklo ng kahirapan ang mga mamamayan."*

**Mula noon hanggang ngayon, malaki na ang nagbago sa pamumuhay ng mga Pilipino. Sa mabilis na pag-angat ng mga lungsod tulad ng Cabanatuan, hindi palagi pantay ang ihip ng pag-unlad at marami ang napag-iiwanan.**

Isa ang Valle cruz sa 89 na barangay ng lungsod at tinaguriang pangunahing tambakan ng basura. Dito binibigyan nila ng bagong halaga ang sako-sakong basura na tinatapon ng iba, tulad ng ginagawa ni Susan Dulay, 60. Ayon kay Susan na 42 taon na siyang naninirahan dito. Hanggang ngayon, nangangalakal ng mga basura gaya ng karton, plastic at metal.

Para kay Susan, ito na rin ang naging tulay upang mabuhay ang kanyang limang anak, na gaya niya ay nangangalakal, dala ng pangangailangang itawid ang bawat araw para sa kanilang sariling pamilya, kahit wala man sa kagustuhan.

Mula 1960 nagsimula maging tamabakan ang Valle Cruz. Subalit, sa panahon lamang ni Honorato Perez (1988-1985) tinaguriang itong pangunahing tambakan bilang lunas sa paglala ng polusyon sa Valdefuente. Kaya't simula noon, nagsilbing panakip bukas ang Valle Cruz sa kakulangan ng wastong pasilidad sa pamamahala ng basura na bumubuhay sa mga residente, gaya ni Susan.

Ayon sa ibang residente, umaabot sa halos apat na palapag ang taas ng basura naiimbak. Naging kontrobersyal dulot ng sunod-sunod na reklamo na nakakuha ng pansin gaya ng NGO na Bagong Kalikasan Movement. Nagdulot ito ng anomalya sa dating Mayor Jay Vergara sa hindi pag convert ng open dumpsite patungong controlled dumpsite bilang paglabag sa batas na Section 37 ng Republic Act No. 9003 (Ecological Solid Waste Management Act of 2000) na humantong sa pansamantalang pagkasira nito.

Ngayon, unti-unting nagbabago ang Valle Cruz. Sa dating apat na palapag na basura ay mistulang napalitan na ng mataas na bakod ng bagong tambakan. Ito'y nagbibigay daan sa segregation at recycling mula sa nakokolekta ng Unicorn Transport Service Inc.

Ang Unicorn Transport Service Inc, ang naglilipat ng basura mula sa Valle Cruz patungong Metro Clark Waste Management Corporation na dinadala sa Clark Integrated Waste management Facility sa Capas Tarlac, kung saan



matatagpuan ang sanitary landfill.

Bagamat mayroong nang ganap na sistema, hindi pa rin ramdam ng mga residente ang pagbabagong ito. Ayon kay Edudiges dela cruz, 84, “Ganon pa rin ang buhay”, batid niya na mas mababa kumpara noon ang kita dahil sa pagsulpot ng kompetisyon sa paligid.

## Kalagayan ng mga namamasura

Sa kabila nito, ang mga residente patuloy na nagsisikap upang ikayod ang buhay. Mula pagkabata nakasanayan na ng marami sa Valle Cruz ang pangangalakal bilang pangunahing pinagkakakitaan. Katulad ni Hansel Santiago,37, na nag iipon ng sirang mga piraso ng bentilador, ‘mula nagkaisip’ na sanay niya sa ganitong pamumuhay.

Isa rin dito si Berni, base sa kanya kilo-kilo ang bentahan ng mga kalakal. Sa isang araw madalas kumikita siya ng halos ₱500 pesos mula sa ₱9 per kilo ang kalakal gaya ng lata , ₱50-65 sa metal at ₱350 para sa tanso.

Ngunit hindi pantay-pantay ang kita ng mga residente dahil nakadepende ito sa dami at kalidad ng kalakal ng kanilang nakokolekta. Halimbawa, ang mga piyesa ng mga sirang cellphone at laptop na nagkakahalaga ng ₱30 bawat isa. Ayon sa isang residente, “Hindi arawan ang presyo; sa isang araw hindi nag bebenta, at sa isang linggo mahigit isang libo lang ang kita.”

Batid rin sa Valle cruz ang pagsulpot ng mga junk shop sa paligid. Si Eli, na nagtatrabaho rito mula 7 ng umaga hanggang 3 ng hapon. Siya ay araw-araw naghihiwalay ng mga plastic at bote. Saad niya “Mga ganitong pag pipili, naibebenta nila sa ₱20 kada kilo, nasa ₱50 na pag napuno ang isang jumbo bag” na kanya namang binebenta sa may ari. Sa kada araw nakakakuha siya ng ₱700, na hindi naman masama bilang pangtustos sa pangangailangan niya.

Ang may-ari ng isang junkshop, na kilala bilang Naomi, kumukita naman ng halos asa ₱20,000 mula sa mga kalakal na nakokokta nila at kanyang hinahati sa kanyang walong trabahador. Dala sa hirap ng buhay, sinamahan niya ito ng libreng pagkain, bilang dagdag sa sahod at pampalakas sa buong araw na pag kayod.

Para kina Berni at naomi, hindi ganun kadali kumita ng pera mula sa kalakal. Ang mga kalakal ay madalas nakadepende sa kinokolekta ng Unicorn Transport Service Inc. Saad ni Naomi,’Ibinaba nila ang kalakal na basura, yon yung pinaka sideline,’ na kanila namang binibili per kilo.

## Unicorn transport ROLE

Ang Unicorn Transport Service Inc. ang pangunahing kumpanya na naghahakot ng basura sa 89 na barangay. Kada araw, nagbaba ng sako-sakong kalakal ang mga truck sa mga katulad ni naomi, at ilang residente gaya ni Eli. Dito, nabuo ang lokal na sistema sa pagdaloy ng basura bago tuluyan dalhin sa Capas, Tarlac.

> *Kahit may naibibigay mang oportunidad ang sistemang ito, hindi pantay-pantay ang benepisyo. Kung tutuusin, hindi na bago para sa bansa ang may naiwang sumasabit sa piit ng laylayan*

Sa Valle Cruz matatagpuan ang tinatawag na barangay-based Material Recovery Facility (MRF) kung saan naghihiwalay ang maaring gawing kalaka upang makabenta. Dito pumapasok ang mga residente at junk shop upang bilhin ang mga kalakal gaya ng karton, metal, at mga piyesa ng sirang electronics. Samantala, ang natitirang basura ay ibinabalik sa tambakan upang ipinapadala sa sanitary landfill.

Sabi ni (recording 18), isang kargador sa Unicorn Transport Services Inc. na 25 taon ng humahakot, “ito yung pinagkakakitaan namin, lima lang kami pati driver.” at pumparte sila ng 250 kada araw bilang dagdag sa 545 na sweldo nila. Pinalinaw pa ni Naomi na “Sumweldo sila, pero hindi naman sila araw-araw sumesweldo,” kaya’t marami sa mga trabahador ang kumakapit sa ganitong sistema bilang dagdag sa kanilang kinsenas na kita.

Matapos piliin ang mga maaaring ikalakal, ang natitirang basura ay ibinabalik at tinatapon muli sa mismong tambakan. Sa loob ng tambakan, nagtatapos ang proseso sa pamamahala ng basura. Ngunit para naman sa ibang residente,ito’y yugto ng kabuhayan. Dito malayang hinahayaan ang mga residente mangolekta ng mga basura na hindi nabili bilang puhunan pa para sa iba.

## Waste Disposal

Kahit may naibibigay mang oportunidad ang sistemang ito, hindi pantay-pantay ang benepisyo. Kung tutuusin, hindi na bago para sa bansa ang may naiwang sumasabit sa piit ng laylayan gaya ng nauna ng ibinahagi ni Hansel, “sanay na lang”. Dahil wala silang ibang ikakabuhay kundi ang pangangalakal lamang. Tulad ng rin ni aling Edudiges Dela Cruz, “Agad akong huminga, agad akong nahinto sa hanapbuhay,” bilang bunga ng kasalukuyang estado ng kapaligiran na sa tagal niyang naninirahan ay di nagbabago.

At sa gitna ng ganitong realidad, bagama’t maraming programang sinusulong ang pamahalaan ng Cabanatuan bilang tulong para sa mga taga-Valle Cruz sa larangan gaya ng kalusugan at kabuhayan. Madalas nagiging pansamantalang solusyon lamang ito. Halimbawa na ang,10-Year Ecological Solid Waste Management Plan na inilunsad. Bukod rito, sa nalalapit ding mga taong inaasahan ang proyekto na Valle Cruz Eco park, na may layunin maging pasyalan gaya na lang nang sa Baguio para sa patuloy na pag-unlad. Subalit, malinaw na ang mga residente ng Valle Cruz ay hindi kasali sa pag-angat na inaasam na to.

Kung ang pakay talaga ng gobyerno ay para sa kaunlaran, dapat unahing iayos ang sistema ng pagdaloy ng basura sa Valle Cruz. Sa maliliit nitong barangay-based Material Recovery Facility, hindi dapat ilang tao lamang, gaya ng mga junk shop, ang kumita ng tama. Ang pag-segregate at recovery ng basura ay patas na ipinamahagi at pinapatakbo ng pamahalaan o namumuno sa barangay. Kinakailangan ito upang maiwasan ang pag-aagawan o hindi patas na pamamahagi ng kita.

Masisimulan ito sa pagtatayo ng mga kontrolading material recovery facility na mino-monitor ang bawat hakbang sa barangay kaysa sa mano-manong pamamasura sa ilalim ng matinding init ng araw. Sa ganitong paraan, ang sistema ay hindi lamang nagsisilbing solusyon sa basura, kundi tunay na hakbang tungo sa mas inklusibo at pangmatagalang solusyon.

Ang tunay na kaunlaran ay hindi nasusukat sa rami ng proyekto o programang ipinapatupad. Makikita ito sa kinabukasang hindi na bumabalik sa parehong siklo ng kahirapan ang mga mamamayan. Isang bukas, na may sapat silang oportunidad upang umasenso, sa paraang hindi sa nakaasa sa pangangalakal lamang.

### SA MGA NUMERO

**Piyesa ng Cellphone**

- Metal — ₱50-65 kada kilo
- Mga Basura — ₱20-50 kada jumbo bag
- ₱30 kada piyesa
- Lata — ₱9 kada kilo

*Mulsa sa mga residente ng Valle Cruz*




Volume XXVIII
Issue No. 2

Devcom

# KANIBALISMO

## kumakain sa oras mo, kumakain sa buhay mo

Isinulat ni Neil Castañeda  Larawang kuha ni Owen Fabia



Genré

**Mula noon hanggang ngayon, malaki na ang nagbago sa pamumuhay ng mga Pilipino. Sa mabilis na pag-angat ng mga lungsod tulad ng Cabanatuan, hindi palagi pantay ang ihip ng pag-unlad at marami ang napag-iiwanan.**

Ang kinang ng panalo ay parang pang-akit na karne, habang sa likod nito ay tahimik na umuukit sa isip at desisyon ng kabataan.

Sa bawat minuto na ginugugol sa laro, sa bawat illusory jackpot na inaasam, ang laro ay kumakain ng kanilang pangarap, hinahadlangan ang kanilang kinabukasan, at pinapalakas ang impulsive na ugali — isang digital na kanibalismo na halos hindi napapansin.

Kasabay ng mabilis na pag-usbong ng media, ang scatter ay sumisibol sa buhay ng kabataan tulad ng isang mapanlinlang na halimaw: una'y kaakit-akit, kumikislap at nag-aalok ng instant gratification, ngunit sa huli ay tila kumakain sa sarili ng manlalaro, unti-unting ginagapos ang kanilang kalayaan at pinipigilan ang pag-unlad.

Hindi lamang oras at pera ang tinataya sa laro, pati ang kontrol sa sarili at pangarap ay nagiging biktima ng mapanlinlang na kinang ng digital na laro.

Kung susuriin, maipapalagay bang ang patuloy na paglalaro ng scatter ay may direktang epekto sa pagbuo ng impulsive decisions, pagtaas ng panganib sa pinansyal na pagkalugi, at paglala ng kanilang kontrol sa sarili, habang unti-unting "kinakain" ng laro ang kanilang oras, pera, at disiplina?

Sa ganitong pananaw, ang online scatter ay hindi lamang laro kundi isang kanibal na sistema, tahimik at mapanlinlang, ngunit may matinding impluwensya sa isip at buhay ng kabataan.

## Ano ang Online Scatter?

Sa kontekstong Filipino, ang Online Scatter ay bahagi ng lumalalang problema ng online gambling sa kabataan — ayon kay Senator (Sen.) Win Gatchalian, maraming estudyante ang nakakapasok sa mga app na ito dahil sa weak age checks at aggressive ads sa social media.

Ang kabataan, biktima ng curiosity, peer pressure, at pangakong "mabilis na panalo," ay napapahamak sa isang laro na parang nakamamatay na bitag.

Ang mga halimbawa ng online scatter ay ang online slot games tulad ng Scatter Slots, Lucky Slots, at iba pang casino-style games na karaniwang nilalaro sa mobile phones, kung saan umiikot ang laro sa pagpindot ng "spin" upang manalo ng virtual o totoong pera.

Madalas itong may makukulay na graphics, sound effects, at bonus rewards na dinisenyo upang manatiling enganiyo ang manlalaro, dahilan kung bakit nagiging madaling adik at mapanganib, lalo na para sa kabataan.

Online Scatter vs Kabataan

Sa kabila ng lumalakas na panawagan laban sa online gambling, patuloy na naaabot ng online scatter ang kabataan sa pamamagitan ng social media, rekomendasyon ng kaibigan, at maging ng impluwensiya sa loob ng tahanan. Para sa ilang kabataan, nagsisimula ito bilang simpleng panonood o pakikisabay, bago tuluyang mauwi sa aktuwal na paglalaro.

Ayon kay J.V., isang kolehiyo mag-aaral, maaga siyang namulat sa mundo ng online scatter habang siya ay nasa senior high school. Aniya, malaki ang naging impluwensiya ng kanyang mga kaibigan sa kanyang pagpasok sa nasabing uri ng online gambling.

"Noong ako ay SHS, naimpluwensiyahan ako ng aking mga peers. Masaya sa pakiramdam kapag nananalo, lalo na kung iisipin mo na ang 100 pesos mo ay puwede pang lumago dahil sa pagsusugal," wika ni J.V.

Ipinapakita ng kanyang pahayag kung paano nagiging kaakit-akit ang scatter sa kabataan, lalo na dahil sa pangakong mabilis na tubo mula sa maliit na halaga ng pera.

Katulad ni J.V., maaga ring nakapasok si A. sa mundo ng online scatter, bagama't iba ang naging unang exposure niya rito. Ayon kay A., unang beses niyang nalaman ang scatter o online gambling sa loob mismo ng kanilang pamilya.

"Una kong nalaman ang scatter o online gambling sa pamilya ko, pero nanonood lang ako noon. Sinubukan ko lang ito nang tumungtong na ako ng kolehiyo dahil sa impluwensiya ng mga kaklase ko. Para sa akin bilang kabataan, madalang lang akong maglaro dahil sa mga kapamilya ko lang ako nakakakuha ng perang pinanglalaro," saad ni A.

Batay rin sa datos ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR), tinatayang mahigit 32 milyong Filipino ang sumasali sa online gambling mula Enero hanggang Mayo 2025, isang malaking pagtaas mula sa humigit-kumulang 8.2 milyon noong 2024.

Ang bilang na ito ay halos katumbas ng isang-ikatlo ng buong populasyon ng bansa, na nagpapakita ng mabilis na pagtaas ng pantok ng online gambling kabilang ang mga laro tulad ng scatter games at online slots.

Ipinapakita ng kanilang mga karanasan kung paanong ang peer pressure at maagang exposure, mula man sa kaibigan o pamilya, ay nagiging tulay upang masubok ng kabataan ang online gambling, kahit pa may limitasyon sa pera at kaalaman sa mga posibleng panganib nito.

## Droga ng Scatter

Gaya ng mga ipinagbabawal na gamot, ang online scatter ay nagiging parang isang droga na kapag minsang nasubukan ay paulit-ulit na hinahanap.

Sa salaysay ni J.V., malinaw kung paanong ang impluwensiya ng kapwa at social media ay nagsisilbing gatong sa patuloy niyang paglalaro.

"Kapag nakikita ko ang mga kaibigan ko na nananalo, parang gusto ko ring maglaro dahil nagbabakasakali akong manalo rin ng malaki. Sa social media, ganoon din, nakikita ko silang nananalo ng millions o thousands kaya mas naeengganyo akong maglaro pa lalo," punto ni J.V.

Para kay J.V., ang paulit-ulit na exposure sa mga kwento ng panalo ay nagiging siklo na mahirap takasan. Sa bawat spin, ang manlalaro ay umaasang siya ang susunod na mananalo, kahit pa ang katotohanan ay mas marami ang natatalo. Sa ganitong paraan, ang online scatter ay nagiging kanibal na sistema na pinapakain ng pagkalugi ng marami upang maipakita ang panalo ng iilan.

Sa parehong punto, binigyang-diin din ni A. ang papel ng social pressure sa kanyang karanasan.

"Nakakaapekto ang mga kaibigan at social media sa aking paglalaro, lalo na kapag lagi ko silang nakikitang naglalaro. Natetempt din ako na maglaro," saad ni A.

Ipinapakita ng kanilang mga pahayag kung paanong ang online scatter ay hindi lamang personal na bisyo, kundi isang kolektibong bitag na pinalalakas ng social media at peer influence. Sa huli, ang larong ito ay parang kanibalismo ng kabataan.

## Kislap at Tukso

Hindi maipagkakaila na tila tunay na makinang at kaakit-akit ang online scatter sa mata ng kabataan, na parang ilaw na kumikislap sa dilim, naghihikayat at nagpupukaw ng kanilang curiosity at excitement.

Nang tanungin si J.V. patungkol sa tanong na "Ano sa tingin mo ang mga bagay o aspeto ng online scatter na pinaka-nakakaakit sa kabataan?", malinaw niyang inilarawan kung paano nagiging mapang-akit ang karanasan ng panalo.

"Tuwing nananalo, mas tumataas ang aking gana at mas matatakam ang mga kabataan na maglaro lalo, dahil sa pakiramdam na parang palaging panalo ang tyansa nila, katulad ko," ani J.V.

Para kay J.V., ang bawat bling ng panalo ay parang maliwanag na alon ng excitement na mahirap tanggihan, na nagiging sanhi ng paulit-ulit na paglalaro. Ang kinang at shimmer ng laro sa screen ay hindi lamang visual na aliw, kundi nagiging psychological trigger na nagpapaengganyo sa kabataan na subukan muli ang kanilang swerte.

Sa usaping ito, ang psychological trigger ay isang bagay sa loob ng laro o sa isip ng manlalaro na nagpapalakas ng pagnanais na magpatuloy sa paglalaro, kahit pa alam na nitong may panganib o pagkalugi.

Sa karagdagan, ang online scatter at slot-style games, maraming psychological triggers ang ginagamit ng mga developer upang maakit at mapanatili ang interes ng mga manlalaro, tulad ng near-miss effect, variable rewards, at ang pagpapalabas ng dopamine sa utak tuwing may inaasahang gantimpala, na lahat ay tampok sa modernong online gambling design at nagpapatagal sa paglalaro ng user (ThisDay Live, 2025).

Katulad ni J.V., ibinahagi rin ni A. ang kanyang karanasan sa nakakaakit na kinang ng online scatter.

"Yung pag tumatama ang malalaking panalo, mas naeenganyo ka maglaro. Para kang naaakit sa kislap at glitter ng laro, na parang bawat spin ay may pangakong mas malaki pang premyo," saad ni A.

Makikita sa kanilang mga salaysay kung paano ang visual at auditory stimuli ng online scatter ay nagiging mapanlinlang na atraksyon, na nagdudulot ng pakiramdam ng instant gratification at excitement.

## Stop the Spin

Napatunayan ng artikulong ito na walang positibong naidudulot ang online scatter sa mamamayang Pilipino, lalo na sa mga kabataan. Nilalaro nito ang pagiisip ng manlalaro at naglalagay sa kanila sa landas ng pagka-adik sa laro.

Ayon kay J.V., isa sa mga hakbang upang makaiwas sa tukso ay ang personal na disiplina at pagbabago ng online habits.

"Ang magagawa ko ay payuhan ang iba na itigil na ang paglalaro dahil hindi naman lahat ng sugal ay laging panalo, at malaki din ang tyansa na mauwi ito sa addiction lalo na kung gustong-gusto nilang manalo at pumaldo. Ang ginawa ko ay in-unfollow ko na ang mga social media influencer na nagpo-post ng content tungkol sa paglalaro ng scatter, at binura ko rin ang aking mga link ng sugal o online scatter platforms. Kaya mas napipigilan ko na ang aking sarili," ani J.V.

Katulad ni J.V., ibinahagi rin ni A. ang kahalagahan ng mahigpit na regulasyon.

"Yung pag-ban ng mga online gambling, lalo na yung mga nag-stream, maraming mamamayan ang natutukso maglaro dahil sa kanila," saad ni A.

Maging sa Kamara at Senado, isa sa mga matinding usapin ang pag-ban ng online scatter.

Ipinasa ni Sen. Juan Miguel Zubiri ang panukalang batas na naglalayong ipagbawal ang lahat ng uri ng online gambling sa bansa, samantalang si Sen. Sherwin Gatchalian ay naghain ng measure na nagbabawal sa paggamit ng e-wallets sa online gambling.

Ayon sa dating Senate President, habang isinara na ng administrasyon ang operasyon ng offshore gaming operators, ang online gambling ay lumitaw bilang mas mapanganib na suliranin, dahil ito ay nakakaabot na sa mga tahanan ng mga mamamayan, kahit na umano'y ipinagbawal na ang mga Philippine offshore gaming operators (POGOs).

Kaya sa mundo ng teknolohiya, puno ng kanibalismo, maging isang matalinong manlalaro ng buhay upang labanan ang tukso ng online scatter.

Volume XXVIII
Issue No. 2

# Panaghoy ng hiningang nalalagot

Ni Elaisa Ena Sales

Bungkal. Bungkal. Bungkal.

Napupunit na ang pagitan ng aking mga daliring pinanghuhukay sa lupang baka sakaling iyong himlayan.

Sa bawat punit ng laman, sumasabay ang himaymay ng puso ko.
Siguro'y dahil tinatawag nila akong baliw. Marahil hinahanap ko pa raw ang matagal nang namayapa.

Na kahit halik sa iyong kalansay ay hindi ko na matitikman—hindi ko na magagawa.
Nilisan mo na raw kami.Ngunit wala akong pakialam.
Hanggang sa biningi ko ang aking tainga, binulag ang aking mata, minanhid ang aking kamay.

Naniniwala akong kahit kalansay mong pinagpipistahan na ng mga uod ang tangi kong mahagilap, ibulong ko lang muli ang iyong pangalan, aahon ka sa'yong pagkaratay.

Ibaon ka man sa lupa, lunurin sa tubig, o sikilin sa dilim—matatagpuan pa rin kita.

Hindi ako Diyos na bumubuhay ng patay. Ngunit kaya kong umusal ng dasal sa Kaniya, upang kahit wala nang naniniwala sa 'yo, muli ka pa ring masilayan ng lahat.

Sapagkat ang pagkawala mo'y impyerno para sa isang kaluluwang nakakapit sa laylayan ng kamatayan gamit ang ngawit na mga kamay.

Para sa mga kaluluwang patuloy na nakikibaka, habang kasinglakas ng kalam ng sikmura ang aming sigaw—ipinaglalaban ang masang dati mong kinukupkop.

Pikit na ang aming mga mata—hindi dahil bulag kami sa katotohanan, kundi bilang panaghoy ng mga binaboy ng tunay na patay: ang bulok na sistema't kalakaran.

Kaya wala na rin akong pakialam kung mapunit man ang aking mga kamay sa kahuhukay ng lupang sinabi nilang iyong nilisan.

Sapagkat kung totoo ang sinasabi nila, nais ko lamang na kahit sandaling mahawakan at muling maramdaman ka—sa lupa, o tubig, o hangin—o saan ka man nakipisan.

Kami'y iyong balikan.

Basagin ang iyong katahimikan.
Wakasan ang gapos mula sa mga walang-kaluluwa.Muli mo kaming hanguin sa bingit ng kawalan ng hustisya—

Hustisya.

# Ako ay Pinili

Ni John Michael Ramos

Isang bigat ang bumibitiw,
isang kapang pilit na ikinakabit.

Inaasahan nila ako, atang pag-asa na iyon, kahit nagbibigay-buhay, ay dagdag pasanin sa aking balikat.Ang palakpakan ay umaalingawngaw,
isang panandaliang pagkilala.

Ngunit ang pag-akyat?
Mga gabing walang tulog, mga pagdudu[illegible], mga sakripisyong hindi nakikita.

Ang pahinga ay bumubulong ng mga pang[illegible]ko,
isang nakalimutang pangarap.
Sana, sa gitna ng lahat, may makakita sa [illegible]ing paghihirap,
ang walang humpay na pagsisikap.

"Ibinigay ko ang lahat," bulong ko sa sarili,
isang panata laban sa panghihina ng loob.

Ngunit ang responsibilidad na ito?
Tila laging may pagkukulang.

Ang desisyon ay nasa akin,
palagi: manatili, lumaban,
ibigay ang lakas na mayroon ako.

Ngunit tandaan, ako rin ay napili.
Isang tanglaw ng pag-asa, isang bayani sa kanilang paningin.

Ang pamumuno'y pagdadala ng ilaw,
sa gitna ng dilim, gabay na tunay.

Hindi lamang sarili ang dapat tanglawan,
kundi lahat ng kasama sa daan.

Bawat hakbang, sama-samang paglalakbay,
ang ilaw ay mabigat, ngunit daan nati'y tagumpay.

# Hindi ko naman kaya ikamamatay

Ni Marianne Nicole

"Hindi ko naman yata ikamamatay," ang aking sabi,
habang tinitimbang kung tatahimik na lang ako,
o pipiliin na magsalita.

Sa bawat pag-ikot ng mundo, may mga bibig na
pinipiling manahimik, hindi dahil wala silang
alam, kundi dahil natutunan nilang ang pagsalita
ay may parusa.

Pero heto ako ngayon—kinakabahan,
nanginginig, pero buhay.
Hindi ko naman yata ikamamatay ang
magtanong,
kung bakit may mga tiyan pa ring kumakalam,
habang busog sa kapangyarihan ang iilan.

Hindi ko naman yata ikamamatay ang tumindi
kung may inaapi at kung may tinatanggalan ng
boses.

Hindi ko naman yata ikamamatay ang
magmahal sa bayan,
kahit sabihing walang silbi, kahit pagtawanan.

Sapagkat sa dulo ng lahat ng takot na aking
nararamdaman,
may apoy na bumubulong:"Hindi mo kailangang
mamatay para mabuhay sa katotohanan."

At kung ang pag-ibig sa katarungan ay isang
delikadong bagay,
hayaan mong mapanganib ako.

Kung ang pagiging malaya ay kasalanan,
hayaan mong magkasala ako sa ngalan ng
katotohanan.
Dahil hindi ko naman yata ikamamatay ang
maging tao—
ang manindigan,
ang magmahal,
ang lumaya.

# Kung may nasusunog pang tinapay

Ni Elisha Adelante

Isang mainit na kape, kapares ng medyo nasunog
na tinapay na siyang magtataguyod sa akin sa
buong maghapon.

May isang uri ng kaisipian kung saan ang ultimo
pinaka maliit na aberya o hindi inaasahang
problema na nakaka abala sa atin ay may
mabuting dahilan. Simbolo ito ng
pagiging matatag at positibo.

Ngunit ang mapait na lasa ng sunog na tinapay ay
kasing pait ng reyalidad ng buhay ng nakararami.
Ang mga naghihikahos, naghihirap, at nalulugmok
na mamamayan.

Tila ang pagsusunog na lamang ng tinapay ang
kanilang pinanghahawakan upang maging positibo
at makapagpatuloy sa kanilang buhay.

Ngunit papaano naman ang iba, na wala
man lang tinapay na maaaring masunog?

Volume XXVIII
Issue No. 2

# BALUTI NG KARANGALAN

**Ulat ni Ashee Herdellayne** **Iginuhit ni Kaychelle Cariaga**



Ang tunog ng isang espada na tumatama sa kalasag. Ang kislap ng baluti sa ilalim ng sikat ng araw. Hindi ito mga tunog ng isang sinaunang digmaan, kundi mga simbolo ng pamana sa Wesleyan University-Philippines. Ang mga pangkat pampalakasan ng unibersidad, na dati'y hiwa-hiwalay na larangan ng isports, ay muling isinilang sa ilalim ng isang bagong watawat—ang Wesleyan Knights.

Hindi naging madali ang pagbabagong ito, sapagkat ang koponan ay dati nang kilala bilang Green Knights na kalauna'y naging WU-P Riders. Ipinaliwanag ni Dennise Mateo, ang pangunahing outside hitter at team captain ng Wesleyan Lady Knights volleyball team, na nagsimula ang paglalakbay sa tahimik na yugto matapos ang pandemya. "It all started after the pandemic when our Sports and Development Office introduced the Knights as our new identity, and we just embraced it," aniya. "Everyone was a rookie at that time."

Ngunit ano nga ba ang ibig sabihin ng pagiging isang Knight sa Wesleyan? Ang pangalan mismo ay nagbibigay-pugay kay John Wesley, na kumatawan sa ibang anyo ng lakas, isang lakas na nakabatay sa karakter, paglilingkod, at karunungan, kahit hindi siya isang mandirigma sa tradisyunal na kahulugan. Dahil sa matibay na ugnayang ito, ang Knights ay umunlad mula sa pagiging simpleng maskot ng isports tungo sa pagiging simbolo ng pagkakaisa ng buong pamantasan. Kinakatawan nito ang dedikasyon sa kahusayan sa lahat ng aspeto ng buhay, kabilang ang pamumuno, paglilingkod sa komunidad, at akademya. Sa pagbubuklod ng silid-aralan at larangan ng palakasan, nagsisilbing tanglaw ang Knights ng mga pangunahing pagpapahalaga ng unibersidad.

Ang bawat bahagi ng identidad ng Knights ay hitik sa kahulugan. Ang logo ay isang palagiang paalala ng kanilang layunin. Ang kabalyero ay sumisimbolo ng tapang at disiplina—mahahalagang katangiang kailangan upang harapin ang anumang kalaban. Ang kalasag ay makapangyarihang sagisag ng katatagan, patunay ng kakayahan ng koponan na tiisin ang mga pagsubok at bumangon nang mas malakas. Ang espada naman ay sumisimbolo ng lakas at kahandaan, isang pangako na laging maging handa sa anumang hamon. Maging ang mga kulay na kanilang isinusuot ay isang mapagmalaking representasyon ng diwa at pagpapahalaga ng kanilang paaralan.

***"Every time we wear the logo, it's like carrying the Wesleyan spirit with us, both in sports and in life,"*** sabi ni Mateo.

Ang paniniwalang ito ay nagbunga na ng makabuluhang tagumpay. Ang Wesleyan Lady Knights Volleyball Team ay naging malinaw na halimbawa ng bagong lakas na ito, matapos makamit ang silver medal sa PRISAA Regionals 2025 at bronze medal sa Nueva Ecija Collegiate School League (NECSL) Season 9. Ang mga tagumpay na ito ay patunay ng kanilang dedikasyon at ng kapangyarihan ng iisang pagkakakilanlan.

Bagama't maliwanag ang kinabukasan ng Knights, may mga pagkakataong ang indibidwal na paglalakbay ay humaharap sa hindi inaasahang pagsubok. Para sa team captain, ang kanyang paglahok sa Palaro 2025 ay pansamantalang nahinto dahil sa isang ACL injury na nangangailangan ng operasyon. Gayunman, malayo pa sa pagtatapos ang kanyang papel bilang isang Knight. Naroroon siya sa gilid ng laban, ginagampanan ang isang bagong ngunit kasinghalagang tungkulin—isang pinagmumulan ng suporta at isang tunay na kapitan. "My role is to cheer for everyone in our colleges," pahayag niya nang may matibay na paninindigan. Nanatiling nakatuon ang kanyang pansin sa tagumpay ng koponan, at malinaw na ang layunin ng kanyang personal na paggaling: "training again for our upcoming competitions."

Ang Wesleyan Knights ay hindi lamang muling isinilang—sila ay umangat bilang isang makapangyarihang puwersang handang mangibabaw sa Nueva Ecija. Ipinakita nila na posible ang pagsulat ng bagong yugto ng kadakilaan. Ang Knights ay bumangon, at ang kanilang paglalakbay ay nagsisimula pa lamang.

*Genré*



zentier

**JAZCENTAL SOLANO**
Man. Ed. for Admin

## Epektibo o Depektibo?

Panigurado, narinig mo na ang mga katagang 'outcome-based education' o OBE, lalo na sa loob ng paaralan, sa online, at sa mga materyales sa eskwelahan. Simple lang ang layunin nito: maglatag ng listahan ng mga dapat matutuhan ng estudyante sa dulo ng kurso, magbigay ng mga gawain na direktang konektado sa mga layuning 'yon, at sa huli, malaman kung pasado o hindi ang estudyante. Ngunit habang tumatagal ang paggamit nito, umusbong ang tanong na: "Epektibo nga ba?"

Ang OBE ay nakatutulong sa mga estudyante sa paraan na kadalasan ay hindi naibibigay ng tradisyunal na pagtuturo—ang pagiging direkta. Imbis na puro sagot nang sagot, aral nang aral, at pagsusulit nang paulit-ulit, malinaw agad sa umpisa pa lamang kung ano ang inaasahan sa mga estudyante: na dapat maipakita ang natutunan niya. Kung hindi, papalpak ang grado.

Hindi lang sa mga estudyante nakatutulong ang OBE, nakapagpapagaan din ito sa trabaho ng mga guro. Sino ba naman ang ayaw ng mas organisadong gabay sa pagtuturo at mas kaunting trabaho? Dahil malinaw ang layunin ng pinag-aaralan, kapag gumagawa ng lesson plan, nakatuon na lamang sa mga aralin na talagang dapat maituro. Sa ganitong paraan, napipigilan ang pagtuturo ng mga aralin na hindi naman mahalaga sa pagkatuto ng estudyante—mga bagay na kadalasang nakakapang-irita.

Para sa mga paaralan, nakatutulong din ang OBE sa pagtanggap ng mga pagkilala at sa paghahanda ng mga mag-aaral sa trabaho ng maayos. Ito rin ang dahilan kung bakit maraming institusyon ang nagsusumikap na ipatupad ito nang maayos.

Ngunit dapat tandaan na ang epektibong OBE ay nakadepende sa

***Ipagpatuloy sa P24...***

# PERSONAL HINDI PROPESYONAL

**Ulat ni Grachelle Reyes**

**Iginuhit ni Rosette Ramos**




Sa mundo ng collegiate sports, madalas nating sinasabi na ang mga atleta ay puso ng bawat programa—sila ang nagtataguyod ng dangal ng eskwelahan, nag-aalay ng pawijs at oras, at isinasakripisyo ang maraming bagay para lamang magbigay ng pinakamahusay na performance. Ngunit papaano kung ang mismong sistema na dapat magprotekta sa kanila ay ang mismong nagpabagsak sa kanilang pangarap? Isa sa mga kinakaharap ng ilang student-athletes na nawawalan ng posisyon, playing time, o maging ang scholarship, hindi dahil sa kakulangan sa talento o disiplina, kundi dahil lamang sa personal na hindi pagkakasundo sa kanilang coach.

Hindi dapat nagiging pamantayan sa sports ang personal na galit, tampo, o bias ng isang coach. Ang coach ay propesyonal na lider—may kapangyarihang magdesisyon ngunit may responsibilidad ding sundin ang prinsipyo ng fairness, transparency, at athletic merit. Kapag pinairal ang personal issues, lumilihis ang sports program mula sa kanyang tunay na layunin: ang paghubog ng karakter, teamwork, at competitiveness. Ang pagpaparusa sa isang atleta dahil lamang sa personal na hindi pagkakasundo ay hindi lamang kawalan ng propesyonalismo—isa itong anyo ng abuso sa kapangyarihan.

May domino effect ang ganitong sitwasyon. Nawawalan ng tiwala ang mga atleta sa sistema, bumabagsak ang morale ng team, at lumilikha ito ng takot at kultura ng pag-silent ng players. Ang mental health ng kabataang atleta ay naaapektuhan: nagkakaroon sila ng anxiety, stress, at pakiramdam na disposable lang sila sa mata ng kanilang coach. Sa huli, hindi lang karera ang nababali; pati dignidad ng atleta ay nawawasak.

Dapat maging malinaw: sports is a profession, at professional standards should always prevail. Kung ang mga atleta ay inaasahang maging disiplinado, committed, at respectful, nararapat lamang na ang coaches ay maging ehemplo rin ng mataas na propesyonalismo. Ang tunay na coach ay hindi nagpapaparusa gamit ang personal na emosyon; ang tunay na coach ay gumagawa ng desisyon base sa performance, attitude, at growth potential ng player.

Kaya, panahon na para sa mga paaralan at athletic departments na magkaroon ng mas malinaw na grievance system, athlete protection policies, at accountability measures para sa coaching staff. Ang kapangyarihan ng coach ay hindi dapat absolute; dapat itong sabayan ng malinaw na checks and balances.

Sa huli, ang sports ay dapat magsilbing ligtas na espasyo para sa kabataan—isang lugar kung saan ang sipag, talento, at dedikasyon ang nagiging batayan, hindi personal na tampo o galit. Kung nais natin ng mas malusog, mas makatarungan, at mas respetadong athletic programs, kailangan nating itatag ang malinaw na paninindigan: sa sports, propesyonalismo ang dapat manaig. Personal issues have no place here.

# VALO-RANTS

**Ulat ni Froilan Cantor**

Sa mundo ng e-sports, isa ang Valorant sa mga larong nagbibigay sigla at saya sa mga kabataan. Ang bawat round ay puno ng tensyon at estratehiya kaya hindi nakapagtatakang ito ay isa sa inaabangan tuwing Palarong Wesleyan. Kaya naman marami ang nagulat nang bigla itong tanggalin sa listahan ng mga laro noong nakaraang Palarong Wesleyan 2025.

Pero bakit nga ba ito inalis? Dahil ba sa kakulangan sa pondo o dahil sa isyung iisa lang ang madalas magwagi at nagiging predictable na ang resulta?

Hindi naman lingid sa kaalaman na madalas manguna ang College of Engineering and Computer Technology sa larong ito. Ngunit sapat na ba iyon upang sabihing hindi na patas ang kompetisyon? Para sa akin ay hindi. Marami ring magagaling na manlalaro mula sa iba't ibang departamento na kayang sumabay at magbigay ng matinding laban. Ang kompetisyon ay buhay pa rin at marahil kailangan lang ng mas malinaw na pagkakataon ang ibang koponan upang makapaghanda at maipakita ang kanilang galing.



Larang kuha ni Dan Enero - Palaro 2024

Isa pa sa mga tinitingnang dahilan ay ang bigat ng production. Totoong kailangan ito ng oras, tao, at kumpletong equipment. Ngunit napatunayan naman natin noong mga nakaraang taon na kaya itong isagawa nang maayos. Kung kinaya noon, bakit hindi pagandahin ngayon?

Maaaring maibalik ang Valorant sa Palaro sa pamamagitan ng mas malinaw na komiteng tututok sa pag-organisa ng e-sports, pati na rin ang pagsasagawa ng pre-qualifying tournaments upang mahikayat ang bawat departamento na maghanda nang mas maaga. Makakatulong din ang mas maayos na koordinasyon sa kagamitan ng unibersidad at ang pagpapatupad ng malinaw at pantay na alituntunin para sa kabuuang takbo ng palaro.

Hindi dapat mawala ang Valorant sa Palarong Wesleyan dahil nananatili itong kapana-panabik para sa mga estudyante. Sa maingat na paghahanda at sabayang pag-suporta ng bawat departamento, muling manunumbalik ang masigla at patas na e-sports na nagbibigay saya at pagkakataon sa lahat.

ISPORTS

Genré
Volume XXVIII | Issue No. 2

# CBA Dragons, kinumpleto ang makasaysayang apat na sunud-sunod na kampeonato

**Ulat nina Christian Vidad & Anika Valino**



Larawang kuha ni Nike Bautista

**Muling pinatunayan ng CBA Dragons na hindi pa nauupos ang kanilang siklab sa larangan ng Chess tournament nang magpakitang gilas ang kanilang Women's Team makaraang sungkitin ang fourth consecutive titles sa 2025 Palarong Wesleyan.**

Inukit ng green-themed suit na mga kababaihan ang pangalan ng department sa libro ng pampalakasang torneyo na ginanap sa Elementary Library, noong ika-30 ng Setyembre

Sa apat na taon, laging inaabangan ang CBA Dragons sa larangan ng utakan at galing sa paglalaro ng Chess kung saan lagi silang namamayagpag. At, walang planong magpadaig ang mga pambato ng Dragons ngayong taon kung saan pinanatili ang prenteng pagkakaupo sa trono nang bumobmba ng walang daplis na perfect 10 iskor sa limang rounds.

Ngunit sa kabila ng malinis na parada, hindi ikakaila ng Team Captain na si Lianne Mae Guitterez ang mabigat na pressure at aminadong hindi naging madali ang tinahak na daan ng buong grupo.

"Pressured kami kasi 'yon ang expected sa CBA, na dapat manalo. Makikita mo pa 'yong mga kalaban na magagaling, kaya mas nakakapressure na dapat i-push namin bawat isa na manalo talaga," pahayag ni Guitterez.

Isa sa mga naging pagsubok ng CBA Dragons ang limitadong prepasyon kung saan tatlong Biyernes lang ang kanilang naging training bago sumabak at subukang depensahan ang titulo.

"Dahil wala po kaming vacant, at Friday lang po ang available, 'yong day na 'yon puro training lang ang ginagawa namin," ani Gutierrez.

Subalit, imbis na magpahinaan ng loob, ginawang inspirasyon ng Dragons ang mga ganitong balakid — sa pangunguna ng lidership ni Gutierrez na siyang nakaalalay sa kanyang mga kagrupo kaakibat ang tiyaga na naging susi sa tagumpay.

"Mag-focus lang talaga sa bawat laro. Lagi namin pinapaalala sa kanila na huwag magmamadali sa bawat galaw. Mahalaga na huwag silang titira nang padalos-dalos dahil mas sigurado na mapapanalo nila 'yong laro," dagdag pa niya.

Nagbunga naman ang lahat ng tiyaga nang maisaktuparang ang inaasam asam na kampeonato. Nagninging sa Dragons si Claire San Jose na siya ding nag-uwi ng Most Valuable Player (MVP) award. Inangkalahan ng perpormans ni San Jose ang team's run upang mapanatili ang dominasyon ng CBA. Sinungkit din ng Dragons ang Best Board Awards sa 1, 2, at 4 boards.

Sa dulo, hindi lang basta kampeonato ang ibinulsa nila. Para sa CBA, isa itong paalala na ang titulo ay hindi lang patungkol sa medalya o tropeyo bagkus ang pagbibitbit ng bigat ng legasiya, pagyakap sa pressure ng bawat naniniwala at pagtuklas ng kalakasan sa unidad. At sa patuloy na pagsiklab nila, nanatiling tanong na lang?

"Sino ang uupos nito?"

## *Epektibo o Depektibo...*

kung paano ito ipinatutupad. Kung hindi maayos ang pagsasanay sa mga guro o hindi malinaw ang mga learning outcomes, nagiging para lamang itong "checklist" na walang tunay na epekto sa pagkatuto. Natutuon ang pansin ng mga estudyante sa pagpuno sa mga listahan ng dapat nilang matutunan.

Mas malala pa, maaaring mapunta lamang ito sa sobrang pagpapasimple sa edukasyon na nakakaligtaan na ang ilang mga nakatutulong talaga sa pagkatuto ng mga mag-aaral: engagement sa bawat klase at guro, mga oportunidad upang magamit ang creativity at tradisyonal na pagkatuto. P'wede rin namang magawa'n ito ng paraan sa OBE, ngunit hindi pa rin nito mapapalitan ang maayos at magandang proseso ng pagtuturo.

Kung ang bawat resulta ay ang siyang magiging dulo imbis na maging gabay, makakaya nga ng estudyante na maabot ang bawat criteria pero sa huli ay hindi pa rin maging tunay na handa.

Epektibo nga ba ang outcome-based education?

Oo, kapag nagamit nang tama. Hindi, kapag naisagawa nang mali.

Sa huli, ang OBE ay magiging epektibo lamang depende sa mga tagapagturo. Makakalimutan ng mga estudyante ang bawat resulta ngunit hindi ang pagkatuto na humubog sa kanila.

# sipol

**Ulat ni Venice Pabualan**
**Iginuhit ni Owen Fabia**

Ang isang laro na walang paggalang sa mga referee ay isang larong nagtataguyod ng kawalan ng katarungan, sapagkat ang mga referee ang pundasyong pumipigil sa laro na mauwi sa kaguluhan.

Sa bawat alingawngaw ng sipol sa loob ng court, makikita ang hiyawan at pagdiriwang ng mga koponan; gayunpaman, may mga pagkakataong bumabaha ng masasakit na komento sa tainga ng mga nakatalagang referee.

Isang katotohanan, at mananatiling katotohanan, na ang sports ay dapat may kasamang sportsmanship. Naglalaro ang mga atleta para sa kasiyahan, katarungan, karanasan, at higit sa lahat, paggalang.

Ang pagiging magalang ay hindi lamang para sa magkakalabang koponan kundi para rin sa lahat, kabilang ang mga opisyal na nagmamatyag sa laro upang matiyak na ang mga tuntunin at patas na paglalaro ay nasusunod.


Ngunit bakit nga ba palaging ang mga referee ang nakatatanggap ng kawalang-galang mula sa mga manlalaro, coach, at fans, gayong ginagawa lamang nila ang kanilang trabaho—ang sumipol para sa bawat hindi patas na galaw at paglabag sa mga patakaran?

Kinakailangang sumailalim ang mga referee sa pagsasanay at kumuha ng sertipikasyon upang matiyak ang kanilang mahusay na pagganap sa opisyal na mga laro. Masusi nilang pinag-aralan at nauunawaan ang mga patakaran ng kanilang partikular na sports upang maipaliwanag ang mga ito nang patas at walang kinikilingan. Kaya't ang anumang negatibong reaksiyon ng mga koponan tungkol sa desisyon ng referee ay nagpapakita ng isang bagay—kakulangan ng team ethos sa sports, partikular na paggalang.

Bagama't may mga pagkakataong makapagpapakita ang mga referee ng hindi sinasadyang pagkiling sa kanilang mga desisyon dahil sa reputasyon ng koponan, konteksto ng laro, o maging background ng mga manlalaro, ang paglalagay sa kanila sa matinding presyur dahil sa reaksyon ng lahat sa bawat segundo ay maaaring makaapekto sa paraan ng kanilang pagproseso sa bawat galaw ng mga manlalaro.

**Kaya naman, ang paggalang ay hindi lamang para sa mga manlalaro at coach na 'mga bida ng palabas'; sa halip, magbigay rin ng konsiderasyon sa mga referee at pakitaan sila ng paggalang—sapagkat ang larong walang referee ay isang larong puno ng anarkiya at kaguluhan.**

Higit sa lahat, ang tawaging pinakamahusay na atleta ay hindi nakabatay sa kung paano ka maglaro sa court, sa mga taong ginugol mo sa pagsasanay, o sa lawak ng iyong kaalaman sa laro. Sa halip, ito ay tungkol sa paglalaro nang may paggalang—hindi lamang sa iyong kalaban kundi pati sa mga matang nagmamasid sa bawat laro mo.



Ang pagpapakita ng paggalang sa referee ay isang batayang kagandahang-asal na dapat mo ring sanayin ang iyong sarili na ipakita.